


ANG KAPANAUNAN NG IGLESYA NG FILADELFIA

 Nagpunta talaga ang kapatid ko at binilhan ako ng malaki't, mainit-init pa na cherry pie. Sinasabi ko nga sa inyo, mainam din na magparinig. Tapos sabi niya, “Naku...” Anong sa palagay mo, Kapatid na Neville? Hayan nga siya. Kita n'yo? Mukha ngang paborito rin niya ang cherry pie. Masarap po talaga. Katulad ng sinabi ko tungkol sa kapag kakain kayo ng cherry pie, ngayon, kung minsan dumarating kayo dun sa buto. Ngayon, hindi ko—hindi ko itatapon 'yung pie, 'yung buto lang ang itatapon ko at magpapatuloy lang ako sa pagkain nung cherry pie.

² Yan ang gusto kong gawin n'yo pagdating dito sa mga mensaheng ito. Kapag dumako kayo... Sige't subaybayan n'yo lang ako rito, kapag kayo'y dumako sa isang bagay na hindi n'yo—hindi n'yo ito kaagad kayang tunawin, siyanga't, buweno, haya't... huwag n'yong itatapon agad 'yung buong bagay, ang itapon n'yo lang ay 'yung parteng 'yun ('yung buto), at magpapatuloy lang kayo sa pagkain nung pie. Siyanga't, kapag natutunan n'yo. Uh-hum.

³ Kapag kayo... Diba't gusto n'yo ng manok, ng pritong manok? Halos lahat ay gusto n'yan. Buweno, hayan nga, kapag kayo'y kakain ng manok, makakarating kayo dun sa buto, hindi n'yo itatapon 'yung manok, 'yung buto lang ang itatapon n'yo. Tama ba, Pat? Itatapon n'yo lang ang buto, magpapatuloy kayo sa pagkain ng manok.

⁴ Buweno, nagagalak tayo dahil tayo'y nakakakain ng Pagkain na walang buto o anumang buto Rito. Mga tinapay na bumaba mula sa Langit, na tinawag na “Manna,” na nababalutan ng katamisan ng Langit.

⁵ Alam n'yo, sa palagay ko si David 'yun na nagsabi isang beses, “Ang lasa nito'y parang pulot sa bato.” Sa palagay ko ang makata ang nagsabi nun, “Ito'y Pulot sa Bato.” Oh, kapatid ko, natikman n'yo na ba ang... kita n'yo ang... parang... ang lasa'y parang pulot sa bato. “Pulot sa Bato, kapatid ko.” Ganoon 'yun.

⁶ Ngayon, alam n'yo, iniisip ko—iniisip ko minsan kung anong ibig niyang sabihin sa, “pulot sa bato.” At sa isip-isip ko, “Buweno, siguro'y nakasumpong sila ng bahay ng bubuyog isang beses sa isang bato.” Pero nung tinutugaygay ko 'yun, nagkamit ako nang kaunting inspirasyon tungkol dun. Ako... Hindi na nung panahon na sinasaliksik ko 'yun, pero kalaunan

nalaman ko na bawat isa sa kanila na mga pastol na may tupa. . . May kung anong bagay dun, alam n'yo, ang katawan kasi nati'y binubuo ng alabok ng lupa. Bawat—bawat nilalang na nabubuhay ay nagmumula sa lupa. At heto nga ang mga pastol na ito, naniniwala sila na nakakatulong ang apog sa tupa kapag may kung anong bagay na diperensya rito, alam n'yo, kapag may sakit, o kung ano. Gusto ng mga tupa na dilaan ang bato. Nakita n'yo na ang mga tupa na ginagawa 'yan, na nagpupunta't dinidilaan ang bato. At para mapadila nila ang tupa sa bato, naglalagay sila ng pulot sa bato. At kapag dinilaan na nung tupa ang pulot, hayan nga'y madidilaan na rin niya ang bato, kita n'yo, kapag—kapag didilaan nung tupa ang pulot.

⁷ Buweno, mayroon tayong buong punong supot ng Pulot dito. Ilalagay natin 'yun sa Bato, hindi sa anumang iglesia; sa Bato mismo, kay Cristo Jesus. At ikaw na tupa'y pupunta para dilaan 'yan, at kayo—kayo—kayo'y—kayo'y siguradong gagaling agad-agad. Lahat ng ligalig ng kasalanan ay mawawala kapag inyong dinilaan—dinilaan ang Bato. Yun lang ang kailangan n'yong gawin.

⁸ May kung anong bagay sa isang bato na may kagalingan dun, kagalingan. Noong unang panahon, noong wala pa silang mga bakuna sa rabies, mayroon sila noong tinatawag na “madstone.” Kapag ang isang tao'y nakagat ng asong ulol, hayan nga, inilalapat nila siya sa madstone na ito. At ngayon, kung ang madstone. . . Kung didikit siya dun sa madstone, gumaling siya; kung hindi siya dumikit, kung ganoon malala na ang pasyente, siya'y—siya'y mamamatay.

⁹ Kaya ganyan 'yan sa panahon ngayon. Ang pinaka malalang kagat na nalalaman ko ay hindi kagat ng isang asong ulol, kundi kagat ng diyablo. At mayroon tayong isang Bato para dun, ang Bato ng Mga Kapanahunan. Manatiling nakahawak lamang Dito. Basta't nakakapit kayo, kayo'y gagaling. At huwag na huwag kayong lalayo at aatras, manghawakan lamang. Dumikit lang kayo Rito, at—at kayo'y—kayo'y gagaling.

¹⁰ Ngayon bago tayo dumako sa aralin natin ngayong gabi, haya't—haya't nais nating tumayo muna pansumandali, kung magagawa natin, para sa pagdulog na panalangin.

¹¹ Ikaw ba ang kapatid na babae ni Robert Daugherty, hindi ba? Heto. Tinawagan niya ako kahapon, sa pagkakaalala ko, at nabanggit niya na nagnanais siya ng panalangin. At hindi ko—hindi ko alam, kamukha mo siya, hindi ko alam kung ikaw ba siya o hindi. Nakita kita rito kagabi.

¹² Ngayon, ilan po ang nagnanais na maalaala sa harapan ng Diyos, o nagnanais na maalaala kayo ng Diyos, ang ibig kong sabihin? Sige't. . .

¹³ Makalangit naming Ama, gaya—gaya ng dating inaawit-awit ng munti naming tagapanguna sa awitin sa Chicago,

“Alalahanin Mo ako sa panahon na ang mga luha’y pumapatak,” Panginoon, alalahanin Mo po ako ngayon. Sa oras ng kamatayan, sa . . . sa buong buhay mismo, ninanais namin na alalahanin Mo po kami, Panginoon. Iyong alalahanin kami hindi bilang mga makasalanan, yamang ganoon kami, bagkus ninanais namin na Iyo kaming alalahanin bilang mga Cristianong nagtapat na; na tinatanggap namin si Jesus Cristo, na Iyong Anak, at aming Tagapagligtas, para sa aming . . . para sa ikapapatawad ng aming mga kasalanan. Na, nalalaman namin na ’yan lang —’yan lang ang tanging pagkakataon na mayroon kami, ang tanging daan, ang tanging paraan ng kaligtasan. Hindi po sa pamamagitan ng anumang iglesya o sa pamamagitan ng anumang mekanikal na pamamaraan, o anumang organisasyon, bagkus ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at sa Kanya lamang.

¹⁴ Kaya dumudulog kami sa Kanyang Pangalan ngayong gabi, hinihiling na Iyong pagpalain kami habang binubuklod namin ang aming mga sarili sa magkakasama para pag-aralan ang Iyong Salita at malaman kung ano ang Iyong inilaan sa amin, para sa gabing ito. Nang sa gayon ay aming pagtitibayin pa ang aming—aming mga espirituwal na katawan na maging isang buhay na buhay na Iglesya. Isang Iglesya kung saan Ikaw po’y makakapanahan, at makalalakad, at makaginhawa, na naglalakad sa piling ng Iyong mga pinili, na sinasaysay sa amin kung anong dapat gawin, at nalalaman namin na kailangan namin itong sundin agad-agad.

¹⁵ At minamahal Ka namin, Ama, pero alam namin na wala pa kami sa kalagayan na ’yun ngayon na Ika’y makapagsasalita sa amin sa tuwing ibig Mo. Kaya idinadalangin namin na Iyong tuliin, ’yun po’y, tanggalin ang lahat ng kahangalan na ito, lahat ng kalabisan ng laman palayo sa amin sa gabing ito, nang sa gayon ay kami’y buong maialay sa Iyo, na kami’y Iyong magamit anumang oras. At dalangin namin na ang pagkakataong ’yan ay ngayong gabi na, Ama, na kami’y Iyong gagamitin para dalhin ang mga tipak na ito mula sa Biblia at pakintabin ang mga ito at ibunsod ang mga tao na makita ang aninag ni Cristo sa dakilang kapanahunan na ito ng iglesya. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁶ Ngayon, tuluy-tuloy nating tinatalakay ang mga kapanahunan ng iglesya, hanggang sa kapanahunan ng iglesya ngayong gabi, itong ikaanim na kapanahunan ng iglesya. Bukas ng gabi ay matatapos na natin ang mga kapanahunan ng iglesya; na isa ang tinatalakay kada gabi, Lunes hanggang Linggo. At ngayong gabi, ang kapanahunan ng iglesya ay tinawag na Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia. At ang bituwin o ang—ang mensahero, ang mensaherong-anghel para sa kapanahunan na ’yun, naniniwala tayo, nang may kataimtiman, nang buong puso natin, na ito’y si John Wesley. Ang iglesya’y nagsimula noong 1750 noong matapos ang kapanahunan ng

iglesyang Lutheran, at nagtagal hanggang sa 1900, mga 1906 A.D., ang Kapanahunan ng Iglesyang Wesleyan. At pagkatapos, tumugaygay mula diyan, ang Laodicea.

¹⁷ At ngayon ang kapanahunan na 'yan ay kapanahunan ng...kapanahunan ng iglesya ng “kapatirang pag-iibigan,” ang dakilang kapanahunan ng “pagmimisyon” at ang “bukas na pintong” kapanahunan. At ang gantimpala ay isang—isang haligi, “gagawing isang haligi,” at ang kapahayagan ng tatlong pangalan: ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bayan ng Diyos, at ang bagong pangalan ng Diyos, 'yan ang kapahayagan na ipinagkaloob sa iglesya na 'yan sa kapanahunang 'yan. At ngayon, ang iglesya...Ang kapanahunan na ito'y nagsimula sa Apocalipsis 3:7, pababa sa ika-13 talata, at ang nakapaloob hanggang sa ika-13 talata, Apocalipsis 3:7 hanggang 13.

¹⁸ Ngayon, binabalik-balikan natin ang mga ito gabi-gabi, nagbabalik-tanaw. Haya't ang unang kapanahunan ng iglesya, ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso. Mayroon bang makapagsasabi agad kung sino ang anghel o Liwanag (ang ministro) ng kapanahunan ng iglesyang ito? Si Pablo. Ang Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso, ay A.D. 55 hanggang 170. Ang dahilan kung bakit ko sinimulan sa 55, diyan kasi nagsimula ang kanyang misyunerong paglalakbay, at noon ding panahon na ito niya itinatag ang iglesya ng Efeso at ang—at ang iba pang mga simbahan sa dako roon.

¹⁹ Buweno, ang ikalawang kapanahunan ng iglesya ay Smirna. May nakakaalala ba kung ano ang anghel ng kapanahunan ng iglesyang 'yun, sinuman sa klase? Si Ireneo, tama nga. Buweno, 'yun po'y 170 hanggang 312.

²⁰ Ang ikatlong kapanahunan ng iglesya ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Pergamo. May nakakaalala ba, sa klase, kung sino ang banal ng kapanahunan ng iglesyang 'yun? Si San Martin, tama nga. Mula 312 hanggang 606.

²¹ At pagkatapos ang kasunod na kapanahunan ng iglesya ay Tiatura. May nakakaalala ba kung sino ang banal at mensahero, ang anghel ng kapanahunang 'yun? Si Columba, tama nga. At 'yun ay mula 606 hanggang '515.

²² Ang kasunod ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Sardis, na tinalakay kagabi. At kahit sino...siyempre, kilala n'yo na ang anghel ng kapanahunan ng iglesyang 'yun. Naalala n'yo? Si Martin Luther. At pagkatapos ang kanya ay mula 1520 hanggang 1750.

²³ At ngayong gabi tatalakayin natin ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia; na si John Wesley, ang mensahero ng panahon na 'yun. Mula 1750 hanggang 1906 A.D., at kapanahunan 'yun ng “kapatirang pag-iibigan.”

²⁴ Ngayon, nalaman natin na ang bawat isa sa mga iglesyang ito, kapanahunan ng iglesya, ay ipinapahayag ang katangian ng

iglesyang 'yun. Binanggit dito—dito kung ano ang iglesyang 'yun at ang mga katauhan ng iglesya, ang katangian, ang ibig kong sabihin, ng iglesya.

²⁵ Ngayon, kagabi ay si Martin Luther. Ako...sa mga ito, aking...Ang dahilan kung bakit pinakukuha ko ito at tineteyp ng mga kalalakihan...Pinag-aaralan ko ito buong araw. At sasabihin n'yo, "Buong araw para sa munting kasaysayan lang na babangitin mo rito?" Hindi po. Yung mga punto sa kasaysayan ay ilalagay sa libro, kita n'yo. Ito rito, aking...ang dahilan kung bakit tinatalakay 'yan dito, ay para mailabas ang mga bagay na ito nang may inspirasyon sa harap n'yo mismo na mga tao, kung saan tayo'y nagkakatipon nang sama-sama para makuha ang bahaging inspirasyon nito. Ang kasaysayan, maaari ko naman kasing basahin 'yun mula sa aklat. Pero dito nga kung saan natin hinuhugot ang inspirasyon, pagkatapos hahanguin namin 'yun sa teyp. Pagkatapos kapag atin nang—kapag atin nang...Kapag naisalibro na, siyanga't, mayroon na tayong pareho nung datos mula sa kasaysayan ukol dito at maging ang inspirasyon ng Espiritu Santo ay ibinigay na rin sa atin habang tayo'y nagkakatipon dito na sama-sama, sa makalangit na mga dako kay Cristo Jesus. At naniniwala ako na ito'y magbubunsod mismo ng katangi-tanging munting komentaryo ukol sa mga kapanahunan na ito ng iglesya. At ipagkakaloob ng Panginoon ang Kanyang mga biyaya rito.

²⁶ Ngayon, ang...Kagabi, ang kapanahunan ng iglesya, ang...itong Kapanahunan ng Iglesya ng *Sardis*, sa Griyego'y ang tawag dito'y, "ang nakatakas," pero sa palagay ko ang salin nito sa Ingles ay "patay." Ngayon, ito'y kapwa isang "patay" na iglesya at "isang nakatakas" dahil ito'y ang iglesya na namatay sa ilalim ng paghahari ng papa noong 1500 noon, o 1520, ng—ng malawakang paghahari ng papa na tinatawag natin na Madidilim na Kapanahunan; kung saan ang Cristianismo'y nasa pinaka mababa nitong pagkalundo kailanman o maging sa hinaharap, maski sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea.

²⁷ Ngayon, nariyan nga ang isa sa katangi-tanging bagay, lagi n'yong alalahanin sa isip n'yo na ang mga kapanahunan ng iglesyang ito'y nagpasimula, at anumang bagay ang nasa isang kapanahunan ng iglesya'y tumutugaygay mismo sa bawat kapanahunan ng iglesya, at bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesyang ito'y lumalawig sa kasunod. Kung pag-aaralan n'yo ang kasaysayan nang mabusisi sa libro, matutuklasan n'yo.

²⁸ Lumalawig nang *paganito*, nagpapatungan sa isa't isa. At sa pagtatapos ng isang kapanahunan ng iglesya, haya't ang anghel na dumarating sa pagitan nun ay tinatawag ang iglesyang 'yun patungo sa pananampalataya na minsang nawaglit nito. Laging ganoon.

²⁹ Tingnan n'yo ang Jude, ang huling aklat sa Biblia, kita n'yo, bago kayo dumako sa Apocalipsis diyan. Sabi ni Jude, "Ako'y sumusulat sa inyo—sumusulat sa inyo para kayo'y makipaglabang masakap para sa Pananampalataya na minsana't magpakailanmang ibinigay sa mga banal." Ang paglawig sa kasunod, sa pagitan ng mga alagad at ang padating na Apocalipsis, dahil marami sa mga alagad ang patay na noong panahon na 'yun. Kita n'yo, wala na sila. Isa na lang ang nabubuhay noong panahon na 'yun, 'yun ay si San Juan, na divino, na siyang tagapaghayag o manunulat na nakuha ang Kapahayagan mula sa anghel ng Panginoon para isulat ang Aklat ng Apocalipsis.

³⁰ Ngayon, kita n'yo, 'yun ay lumalawig sa kasunod. Kaya ngayon inyong. . . Sa palagay ko napansin n'yo 'yun at nakuha n'yo, sa pagtugaygay, gaya ng binabanggit ko na. Kung papaanong maging dito sa—sa kapanahunan ng *Sardis*, 'yun ang kapanahunan ng pagkakasal. Sa katunayan, ang iglesya'y hindi talaga umabot sa kabuoang pag-iral hanggang dumating ang Tiatira, pero ito'y ikinasal sa *Sardis*. At ang ibig sabihin ng *Sardis* ay "isang—isang pagkakasal."

³¹ Ngayon—ngayon kung mapapansin n'yo ito'y ikinasal *dito*, at pagkatapos ay lumawig sa kasunod na kapanahunan *doon*. At kung mapapansin n'yo si Luther, kagabi, lumabas na may "patay" na pangalan, isang pangalan ng patay, at pagkatapos ay "isang nakatakas." Kaya, naroon na ang patay na iglesya sa panahon na ito *rito*, at ang pagtakas ng munting nalabi na inilabas sa kapanahunan na ito *rito*.

³² At ngayong gabi sa pagtatapos natin dito sa kapanahunan ng Filadelfia, ito'y magbubunsod na magpasimula ang kapanahunan ng Laodicea.

³³ Pagkatapos bukas ng gabi kapag ito'y umabot na sa. . . sadyang doon sa dulo, mapapansin n'yo, ang anghel ay magpapakita na sa huling panahon (at sadyang sa huling panahon) para sawayin ang iglesya dahil iwinaglit nito ang unang pag-ibig at kung papaanong lumayo ito mula sa Diyos gaya ng ginawa nila doon, sa mga kapanahunan. At, sa panahon na 'yan, darating ang Pag-agaw para kunin na Pauwi ang Iglesya, ang Iglesya'y aakyat sa mismong panahon ng Mensahe. At kaya tayo'y—tayo'y nalalapit na sa kapanahunan na 'yun ngayon. Nakukuha n'yo ba ito? Buweno. Kita n'yo? Buweno. Kita n'yo, doon mismo sa panahon ng—ng anghel ng iglesya (ang mensahero ng kapanahunan) ay dumarating para sawayin sila dahil iwinaglit nila ang una nilang pag-ibig, dadalhin. . . sinisikap na dalhin sila pabalik.

³⁴ Ganoon din ang ginagawa ng mensaherong ito ngayong gabi, ang mensaherong-anghel na dumarating para sawayin sila (bawat kapanahunan ay ganoon) sa bagay na ginawa nila.

Kaya nagbubunsod 'yun ng paglawig sa bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesya, sadyang lumalawig nga sa isa pa nang gaya nun. Para pong pag-akyat ng hagdan, nakasalansan 'yun nang palawig na parang *paganoon*, paakyat.

³⁵ Ngayon mayroon lamang akong munting piraso ng kasaysayan dito tungkol sa mensahero para sa gabing ito, tungkol kay John Wesley. Si John Wesley ang bituwin ng kapanahunang ito. At siya'y ipinanganak noong ika-17 ng Hunyo, 1703, sa Epworth Rectory, Inglatera. Siya ang ika-labinglimang anak sa labing-siyam na mga anak. Sina John at Susanna Wesley, ang kanilang tatay at nanay. Ang tatay niya, ay isang mangangaral; ang nanay niya, ay isang tunay na banal; na gayong may labing-siyam na mga anak na aalagaan, nakakahanap siya ng oras kahit sa kanyang masyadong abalang araw para turuan ang kanyang mga anak ng mga aralin mula sa Biblia at mga kuwento sa Biblia at ipinanalangin sila. Yun ang nagbunsod sa mga anak niyang mga lalaki na maging kung ano sila. Ang kilalang manunulat ng awit, si Charles, na kanyang kapatid, ang nagbigay sa mundo ng ilan sa pinaka nakapagbibigay-inspirasyon na mga awitin na mayroon tayo.

³⁶ Si John naman, ay katulungan noon ni George Whitefield. Si John—John Wesley at George—George Whitefield ang siyang unang tagapagtatag ng Methodist na ito . . . o ng pagpapaging banal.

³⁷ Gumigising nang maaga si John kada umaga; sa loob ng animnapung taon ay nagigising siya kada umaga nang alas kuwatro. Yan 'yung bagay na kinalagpakan at wala na sa iglesya. Gigising siya kada umaga nang alas kuwatro, at mangangaral ng 5 A.M. sa loob ng limampung taon na direktso. At kung minsan nangangaral siya nang dalawa o apat na beses sa isang araw. Sinasabi ng mga tao sa Inglatera, na, "Nangangabayo siya nang apatnapu't limang daang Inglatelang milya kada taon, para ipangaral ang Ebanghelyo." Apatnapu't limang daang milya sakay sa . . . Inglatelang milya po 'yun, alam n'yo, mas mahaba kaysa sa ating panukat; para ipangaral ang Ebanghelyo.

³⁸ Maraming aklat patungkol sa kanya . . . paninirang-puri ang isinulat tungkol sa kanya noong panahon niya, na sinisira ang reputasyon niya, nililibak siya. Pero nakalimutan na ang mga ito, gayundin ang mga sumulat nito. Hindi ka maaaring gumawa ng anumang laban sa anak ng Diyos at magtatagumpay dun, mistula ka lang—mistula ka lang na nakikipagbuno sa hangin. Itatawid sila ng Diyos, ano't anumang.

³⁹ Tinawag siyang Methodist dahil sa kanyang mga pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Sinasabi, "Sa buong buhay niya," na, "nangaral siya nang higit apatnapung libong pangangaral." Isipin n'yo 'yun: apatnapung libong pangangaral. Matapos ang kanyang pagyao noong 1791,

nagsimulang maging denominasyon ang Methodist sa mundo at pinasimulan ang iglesyang Methodist. Pagkatapos, hayan nga, sina Asbury at marami pa sa kanila ang nasa loob nun noong panahon na 'yun.

⁴⁰ Ngayon, kung mapapansin natin, ang pagbati sa iglesyang ito; haya't magpapasimula na tayo ngayon sa ika-7 talata, ang mensahero ng Filadelfia. Ang tunay na Iglesya sa—ang tunay na Iglesya na nasa loob ng nagpapahayag na iglesya. Isa 'yung tunay na Iglesya na nasa loob ng nagpapahayag.

. . . sa anghel ng iglesia ng Filadelfia ay isulat mo; . . .

⁴¹ Tinawag ko na ang pansin n'yo tungkol sa paglawig, sa bawat isa, ngayon. Ngayon, kung kukunin n'yo rito, ang anghel. . . kung pagmamasdan n'yo ang paraan na kanyang ibinunsod ang kapanahunan ng. . . na ang kapanahunan ng Methodist ay lumawig sa kasunod, haya't lalampas tayo nang kaunti sa Filadelfia. . . o sa Laodicea, sa kapanahunan ng Pentecostal. Pagkatapos, bukas ng gabi, darating ang mensahero ng Pentecostal para sawayin ang mga ito dahil sa pagkabagsak, gaya ng kung papaanong ang kapanahunan na ito'y sinaway rin sila noon sa Sardis dahil sa pagkabagsak (noong kapanahunan ng Lutheran), ang paglawig.

⁴² Kapatirang pag-iibigan. Yun ang dakilang kapanahunan ng mga misyunero at mga pagmimisyon. Wala pang nakikitang ganoong panahon ang sanlibutan, ito nga'y lumawig maski sa ating panahon ngayon, na, panahon 'yun na ang mundo'y nakakita ng ganoong kamalawakang pagmimisyon sa lahat ng dako. Sa nakaraan. . . Oh, sasabihin ko nga na sa nakaraang sandaan at limampung taon, ito'y isa sa pinaka katangi-tanging panahon sa kasaysayan ng mundo na ang mga misyunero'y nagtutungo sa lahat ng bahagi ng mundo dala-dala ang Ebanghelyo. Naging. . .

⁴³ Kung tutuusin ay sadyang literal—sadyang literal, na umiral mismo, na ikinakalat ang mensahe ng Ebanghelyo sa papel at mga babasahin at mga aklat at kung ano pa, na matagal na ang nakalipas noong ang Ebanghelyo'y dumako sa bawat bansa sa ilalim ng kalangitan, matagal nang panahon ang lumipas. Kaya, nakita n'yo, pinapatunayan lang n'yan na hindi 'yun ang tinutukoy ni Jesus. Hindi Niya kailanman sinabi, “Humayo kayo sa buong mundo at magsipagtayo ng mga eskuwelahan ng Biblia.” Hindi rin Niya sinabi, “Humayo kayo sa buong mundo at mamigay ng literatura.”

⁴⁴ Maiinam naman ang mga bagay na 'yan, pero ang Kanyang atas sa Iglesya ay, “Humayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo.” At ang Ebanghelyo'y hindi lang basta ang Salita, kundi Ito'y ang ibunsod ang Salita na maging Buhay. Kita n'yo? Dahil sinabi ni Jesus, kaagad, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya.” Alam n'yo, sa

Marcos 16, ang Kanyang huling—Kanyang huling misyon para sa Iglesya ay, “Ang mga tandang ito ay lalaking sa kanila na mga sumasampalataya.” Ang unang atas Niya sa Iglesya, sa Mateo sa ika-10 kabanata, ay, “Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, palayasin ang mga diyablo; kung papaanong tinanggap n’yo nang walang bayad, ay ibigay n’yo na walang bayad.” At ang huling Mensahe Niya sa Iglesya ay, “Humayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ang hindi sumasampalataya ay mapapahamak, at ang mga tanda na ito ay lalaking sa kanila na mga nananampalataya.”

⁴⁵ Hindi ba’t nakapagtataka na marami ang pinutol ang bahaging ito roon? “At” ay isa ngang pang-ugnay na pinagdudugtong ang inyong pangungusap na maglakip, kita n’yo. Ngayon, ang sabi Niya, (Marami sa mga ministro ang magsasabi, “Humayo at ipangaral ang Ebanghelyo.”) “Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, at ang hindi sumasampalataya ay mapapahamak, at ang mga tandang ito ay lalaking sa kanila. Lalaking nga sa kanila; sa *kanila* na sumasampalataya. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo; magsasalita sila ng mga bagong wika. Kung humawak man sila ng ahas, o makainom ng bagay na nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila; kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa maysakit, sila’y magsisigaling.” Mga tanda ’yun ng buhay na Diyos na kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao. Oh! Gaanong kalayo ngayon? Sa buong mundo. Nakukuha n’yo ba? Buong mundo.

⁴⁶ Kaya kapag sinasabi ko na ang pentecostal na Mensahe . . . (Hindi ang Pentecostal na organisasyon.) Ang pentecostal na Mensahe ay ang nag-iisang tunay na Mensahe mula sa Diyos. Ngayon tingnan n’yo, Marcos 16, kung binabasa n’yo ito riyan. Buweno, dito nga’y inatas ni Jesus sa Kanyang Iglesya, “Humayo kayo sa buong mundo; ipangaral ang Ebanghelyo; ang mga tandang ito: pagsasalita sa iba’t ibang wika, pagpapagaling sa mga maysakit, pagpapamalas ng mga himala . . .” Ay aabot nang gaanong kalayo? “Buong mundo.” Gaanong—gaanong karami? “Sa bawat nilalang.” Yan nga’y hanggang dito sa dulo rito, “Hanggang sa katapusan.” Buweno. Ang mga tandang ito ba’y lalaking lang sa iglesyang *ito*? “Sa kanila na sumasampalataya, sa buong mundo. Buong mundo, sa bawat nilalang, ang mga tandang ito ay lalaking sa kanila.” Hindi *dito* lang, “sa kanila” na mga sumasampalataya. Kaya ito’y isang pentecostal na Iglesya. Kita n’yo?

⁴⁷ Ngayon, tinalakay natin sa kapanahunan na ito, ito mismong Filadelfia kung saan tayo naroon ngayong gabi, *F-i-l*, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia. Sa kapanahunan na ’yun noon, nag-ebanghelyo at nagmisyon sila, sa buong mundo mismo gamit ang literatura.

48 Sabi ni Jesus, “Kapag ang Ebanghelyong ito ay ipinangaral— itong *Ebanghelyo* ay ipinangaral na sa buong mundo bilang saksi sa Akin, kung ganoon ay darating ang katapusan.” Buweno, kung ganoon, kung ’yun ang tinutukoy Niya, na pagpapalaganap ng literatura, pagpapadala ng mga misyunero na ang dala’y pagbabasa, pagsusulat, aritmetika, at pamimigay ng mga babasahin at ibinubunsod ang mga tao na makipagkamay at maniwala na may isang Diyos, kung ’yun na lahat, kung ganoon ay matagal na dapat Siyang dumating. Uh-huh. Kaya ipinapakita lang na ang Ebanghelyo...ang sabi ni Pablo, “Ang Ebanghelyo’y hindi dumarating sa salita lamang, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan at mga pagpapahayag ng Espiritu Santo.”

49 Kung ganoon pala’y noong sabihin ni Jesus, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo,” ang sabi Niya, “Humayo kayo sa buong mundo at ipamalas!” Oh, gustung-gusto ko ’yun. “Ipamalas ang kapangyarihan ng Ebanghelyo.” Ipahayag ang Salita, sa kung anong sinasabi mismo Nito, at ipakikita sa mga tao kung ano ang sinasabi Nito at pagkatapos ay gawin Itong realidad sa kanila. Oh, ganoon dapat. Yun ang magpapatunay Rito.

50 Oh, noong ang bantog na si Morris Reidhead, noong naroon siya sa silid ko noong araw na ’yun, na presidente ng Sudan Missions, ang pinakamalaki sa mundo; noong sabihin niya, “Kapatid na Branham, yamang isa kang Baptist, dapat ay alam mo ang Katotohanan.”

Sabi ko, “Ang Biblia ang Katotohanan.”

Tapos sabi niya, “Buweno...” Sabi niya, “Ano bang mayroon itong mga Pentecostal?”

Sabi ko, “Ang Espiritu Santo.” Kita n’yo?

At kaya ang sabi niya, “Oh, nakikita ko nga sila na sinisira nila ang mga muwebles at nagsisipa-sipa ng kung anu-anong bagay.”

51 Sabi ko “Tama po! Ang problema lang, ay pinipigilan n’yo ang inyong mga sarili’t ibinubukod n’yo ang inyong sarili sa kanila.” Hitik nga sila sa init, na mapapausad nila ang gulong at gumawa ng isang bagay, pero ibinubuga lang nila ang lahat-lahat sa silbato, kita n’yo. Sabi ko, “Kung ilalapag lamang nila ito rito, sila’y magpapamalas ng mga tanda, mga kababalaghan, at mga himala, at lahat na. Pero hindi nila kasi alam ang gagawin nila dun, anupa’t kinakailangan kasi na may labasan ito, kaya sila’y basta—basta na lang humihyaw, at inilalabas ’yun.”

52 Hmm, mas pipiliin ko nga na inilalabas ’yun, kaysa sa kinikimkim at hindi hinahayaan ang init na lumabas. Hindi ba’t kayo rin? Gaya ng sinasabi-sabi noon ng matandang lalaki, “Mas pipiliin ko nga na matakot sa kaunting ligaw na... Mas pipiliin

ko na magkaroon ng munting di-makontrol na apoy kaysa sa walang apoy man lang.”

⁵³ Ang problema kasi sa panahon ngayon, sinusubok lang nating *magpinta* ng apoy, sasabihin, “Alam n’yo, doon noon sa panahon ng Pentecostes, ginawa nila ang *ganito*.” Ngayon, anong mabuting maidudulot na ipresenta n’yo sa isang ginaw na ginaw na tao (na halos mamatay na sa ginaw) ang isang pinintang apoy? Hindi nga ’yun makatutulong maski kaunti. Hindi. Kailangan n’yo. . . Kailangan niya ng apoy mismo. At kung may isang kapangyarihan ang Diyos na nakapagbunsod sa mga Pentecostal na gumawa para sa Panginoon, at gagawin ang mga gawa’t mga tanda na kanilang ginawa noon; na hindi lang kayo *magpipinta* ng larawan, bagkus ay dalhin mismo ang realidad ng larawan na ’yun sa kanila, kanilang matatanggap ang siya ring karanasan, ang siya ring kaligtasan, na seselyuhan ang sarili nilang patotoo gaya ng ginawa ng mga tao ng Pentecostes noon. Kita n’yo? Pero kinakailangan na maihatid n’yo ’yun sa kanila. Hindi n’yo dapat ilagay ’yun sa henerasyon na nakaraan na, bagkus ay dalhin ’yun sa ngayon mismo.

⁵⁴ Ngayon nasumpungan natin na ang kapanahunan na ito ng kapatirang pag-iibigan ay isang dakilang kapanahunan ng pagmimisyon. Sinabi ni Jesus, “Sa buong mundo, at sa bawat nilalang, at ang mga tandang ito ay lalakip.”

⁵⁵ Ngayon, sa pagtugaygay natin sa kasaysayan at sa Biblia, nais kong tanungin kayo, hindi ba’t sa bawat gabi. . .? Nababasa natin sa Biblia rito kung ano ang sinabi ni Jesus kay Juan na mangyayari, at dito nga’y tiningnan natin ang kasaysayan at pinatunayan na tunay na nangyari nga ito talaga. Nang eksakto mismo. At ’yan ang dahilan kung bakit gumugol ako ng panahon para saliksikin itong mga—itong mga kalalakihan na ito para makita kung saan naroon ang lingkod ng Diyos na ito na nagdala ng Mensaheng ito para umusad, pero hayun naroon nga siya. Naroon siya, gaya ng sinabi ng Biblia, na iningatan ang Mensahe kung papaano nga ito noon sa pasimula, hindi niya Ito pinaglaruan.

⁵⁶ At pagkatapos nakita natin na halos mawaglit na Ito nang tuluyan, at tinawag Niya ang siya ring kapanahunan na ’yun na isang “patay na kapanahunan,” madilim, at kung ano pa. At pagkatapos ay umusbong ang isang munting liwanag, pagkatapos kaunti pang lakas, at pagkatapos ay dumako sa pentecostal (sa tunay na karanasan) uli rito sa dulo ng panahon; at pagkatapos ang Nobya ay aagawin na, at Ito’y lumisan na; at babalik muli ang Kapighatian, buweno, ang Malaking Kapighatian na mangyayari mismo sa harap ng buong mundo.

⁵⁷ Ngayon ang dakilang kapanahunan na ito ng pagmimisyon, ng kapatirang pag-iibigan, ang kapanahunan ng mga pagmimisyon. Hayaan n’yong banggitin ko sa inyo ang ilan

sa katangi-tanging kalalakihan (at heto nga na nailista ko rito ang kanilang mga pangalan): John Wesley; George Whitfie-. . . Whitefield, siya'y noong mga 1739; Charles G. Finney; Dwight Moody; William Carey, ang masigasig na misyunero na nagtungo sa India noong 1773; David Livingstone, na pumunta sa Timog Aprika. Kita n'yo, lahat ng mga ito, ilan sa katangi-tanging mga kalalakihan. Haya't. . . Marami akong mga pangalan dito, ng mga dakilang kalalakihan na nabuhay sa kapatirang pag-iibigan na 'yun; na, ang lalaking itim, lalaking puti, kayumangging lalaki, dilaw na lalaki, lahat ng mga pader ng pagkakaiba-iba ay giniba mismo, at ang mga kalalakahang ito'y humayo sa mga dako ng pagmimisyon. Kapatirang pag-iibigan, na iniaabot ang kamay sa lahat ng mga bansa sa lahat ng dako, at ito'y binuksan sa kanila nang sa gayon ay makahayo sila. Isa na namang kapanahunan ng bukas na pinto, dahil hindi nila. . . Bago 'yun noon ay hindi nila 'yun magagawa, ang papal at—at papa ng Roma at iba pa'y isinarado ang lahat na anupa't hindi sila makahayo. Pero noong kapanahunan na 'yun ay binuksan ang mga pinto, dahil sinabi Niya na ito'y magiging isang “bukas na pinto” na kapanahunan.

58 Nagbukas sila ng maraming pinto noong kapanahunan na ito: ang pinto patungo sa Ebanghelyo, ang pinto patungo sa mga dako ng pagmimisyon, ang—ang—ang pinto pabalik kay Cristo, at ang lahat ay nabuksan noong kapanahunan na 'yun. At makikita n'yo mismo ang mga ginawa nila, napakaganda ng ginawa noon ng mga lalaking kapatiran sa bagay na ito.

59 At mula kay John Wesley, ang bituwin pagkatapos ng Kapanahunan ng Sardis, matapos na pumaroon siya't gisingin sila mula sa kapanahunan ng Sardis, sa loob ng lumipas na sandaan at limampung taon ng dakilang pagmimisyon (na walang ganoon kailanman sa anupamang panahon o kapanahunang nauna) sinakop nito ang buong mundo mismo. Isipin n'yo 'yun. Bawat bansa sa ilalim ng kalangitan ay nakapakinig mismo ng Salita. Nasakop na ito mismo maraming, maraming, maraming taon na ang nakalipas, kita n'yo, pero hindi ng Ebanghelyo, haya't ang Salita lamang, “Ang letra'y nakamamatay ngunit ang Salita'y nagbibigay Buhay.” Kita n'yo?

60 Noong tumayo ako noon sa Timog Aprika, doon sa entablado noong araw na 'yun, at nakita mismo na may libong makalibo ang nakaupo roon, na mga Mohammedan. At nakatagpo ko ang isang misyunero sa mga Mohammedan. At ang sabi ng misyunerong ito para sa mga Mohammedan, “Oh, para sa kalugud-lugod na kaluluwang 'yun.” Ngayon, ang lalaking 'yun ay naroon na nang taon at mga taon na, at nakaakay siya ng isang Mohammedan kay Cristo. Dahil ang Mohammedan ay umusbong mula sa Medo-Persia, yamang ang kanilang mga

batas ay hindi nagbabago ni hindi rin 'yun nag-iiba; na kapag sila'y Mohammedan, sila'y Mohammedan na sa tuwina.

⁶¹ Kaya hayun nga't may naakay silang isang kaluluwa na binabanggit ng kapatid na ito, nakatayo siya roon sa bakuran ng Pretoria, ang kabisera ng Timog Aprika. Yun nga'y sa dako roon ng—sa dako roon ng malayang estado, ng malayang estado, estado ng Orange, at doon sa dako ng Transvaal.

⁶² At pumunta kami mula roon, patungong Capetown at Bloemfontein, at sa daan na 'yun; at bumalik sa Grahamstown, Silangang London, at pagkatapos sa...pabalik na sa Johannesburg uli matapos na umalis kami ng Capetown, at pumunta roon sa dakong baybayin.

⁶³ Buweno, ang huling bayan na pinuntahan namin ay ang Durban, kung saan tinipon namin ang halos lahat ng mga katutubo, may nasa sandaan at limampu o dalawang daang libong mga katutubo ang naroon, mga Mohammedan, mga katutubo, mayroon kami...mayroon sila...inabot sila nang ilang linggo sa dakong 'yun...ng—ng karerahan, na malayang mas malaki sa Churchill Downs, pangalawa sa pinaka malaki sa mundo; nasa London ang pinaka malaki, tapos Timog Aprika, tapos—tapos ang Churchill Downs na. Mangyari nga na may mga pangharang dahil may alitang pantribo sila, at ang mga pulis doon (dalawa o tatlong daan na mga nagbabantay) nakatayo roon na ibinubukod-bukod ang bawat isa sa mga tribo sa mga pangharang para hindi sila magaway-away sa isa't isa, at kinumpiska ang kanilang mga sandata, 'yung kanilang mga sibat at mga assagai, at iba pa na dinala nila. Nakaupo sila sa may lupa roon, ang isa'y natatanaw ang isa pa sa mga pangharang, at may alitang pantribo kasi. Yung mga pinuno nila...binubuhat ang mga ito sa...may tao roon na may malaking pamaypay na pinapaypayan ang mga pinuno nang paganito, at ang mga reyna. Ang reyna ng Rhodesia'y nagtungo roon na may dalawampu't pitong punung-puno na trambya o tren o mga bagon na punung-puno ng mga tao mula sa Rhodesia, para dumalo sa pagtitipon. At may—may espesyal pa ngang tren na dumating doon.

⁶⁴ Ang Panginoon ay gumagawa ng dakilang mga bagay, dakilang mga kamangha-mangha't mga tanda. At anong nasumpungan namin? Si Sidney Smith, na alkalde ng Durban; ay pumunta roon noong araw na 'yun, sabi ko, "Yung lalaking 'yun ano 'yung...yung munting etiketa sa kanyang leeg, na nakasabit?" Isang lalaking itim, gaya ng tawag natin dito, ng lahing negro. Yun ang ipinunta ko roon para pangaralan. At marami sa kanila ang walang suot na damit, wala kahit ano man, mga kalalakihan o mga kababaihan man. Mangyari nga, ang lalaki'y may dala-dalang anito sa kanyang bisig at may munting etiketa siya sa kanyang leeg. Sabi ko, "Ano 'yung kanilang... para saan 'yung mga etiketa na 'yun sa leeg nila?"

Sabi, “Sila’y mga Cristiano.”

Sabi ko, “Mga Cristiano? Na may dala-dalang anito sa kanilang kamay?”

⁶⁵ Sabi niya, “Buweno, ngayon, Kapatid na Branham, ako . . . siya’y isang Songhai,” sabi, “kaya kong salitain ang lingguwaha niya.” Sabi, “Pupunta tayo roon, at kausapin mo siya, tawagin mo siya ng kung anong gusto mo. Makipag-usap ka lang para matanong mo siya ng anumang tanong, itatanong ko ’yun sa kanya tapos sasabihin ko sa iyo kung anong sagot niya.”

⁶⁶ Kaya sabi ko, “Kumusta ka, Thomas?” Tinawag ko siyang Thomas dahil sa palagay ko akma sa kanya ang pangalan na ’yun. Haya’t sabi ko—sabi ko, “Kumusta ka, Thomas?” At tumingin siya sa akin. Tapos sabi ko, “Isa ka bang—isang ka bang Cristiano?”

“Opo,” isa raw siyang—siyang Cristiano.

⁶⁷ Tapos sabi ko . . . Oh, siyempre, hindi niya ako kilala. Hindi pa niya kailanman . . . wala pa sa kanila ang nakakita sa amin noon. Kaya ang sabi ko, “Anong ginagawa mo sa anito na ’yan?”

Siya, “Oh, dinadala-dala raw ito ng kanyang—kanyang tatay noon.” Kita n’yo, isa’yung—isang’yung diyos-diyosan. Kita n’yo?

⁶⁸ Tapos sabi ko, “Ang . . . Dinala pala ’yan ng tatay mo.” Sabi ko, “Buweno, hindi ’yan—hindi ’yan dahil para dalhin mo rin. Isa kang Cristiano, hindi mo dapat dinadala ’yan.”

⁶⁹ Sabi niya, “Buweno, isang araw hinabol daw ng leon ang kanyang tatay, at siya’y gumawa ng munting apoy at umusal ng panalangin na sinabi sa kanya ng albularyo, sa harap nung anitong ’yun, at tinaboy raw ng anito ’yung leon.” Marami na kasi sa kanila ang napapatay ng mga hayop sa dako roon. At siya . . .

⁷⁰ Tapos sabi ko, “Tingnan mo, hindi ’yun—hindi ’yun dahil sa panalangin na binanggit sa iyo ng albularyo, ’yung apoy ang nagtaboy sa leon.” Sabi ko, “Takot ang leon sa apoy.” Tapos sabi ko, “Bilang isang Cristiano, Thomas, hindi mo dapat dinadala ’yan. Wala ka dapat anumang kaugnayan sa ganyan.”

⁷¹ Tapos sabi niya, “Oh, buweno,” sabi niya, “kung ang Amoyah . . .” ’yun po’y ang puwersa na di-nakikita, ang Diyos natin na hindi natin nakikita. May ibig sabihin ang *Amoyah*, “isang puwersa na gaya ng hangin.” Sabi, “Kung—kung mabigo ang Amoyah, ito nama’y hindi.” Kaya raw dapat niyang dalhin ’yun pareho, “Kung hindi gumana ang isa, ’yung isa’y gagana.” Ngayon, ’yan ang tibay ng Cristianismo. Uh-hum. Oo. Oh, naku.

⁷² Pero pagkatapos nung hapon, noong ang Espiritu Santo’y bumaba sa pagtitipon doon sa karerahan at nagsimulang maghayag ng mga lihim ng puso, matapos na kunin ko ang Kasulatan . . .

73 Mga isang oras, pero mga labing-limang minuto lang 'yun sa akin, dahil may labing-limang iba't ibang interpreter para maisalin 'yun. Kaya kapag ako—ako'y magsasalita ng, “Si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos”; at *itong* isa'y sasabihin, “ah, bah, bah, bah, bah”; at *yung* isa nama'y magsasabi, “gloo, gloo, gloo, gloo”; at *pagkatapos*, “um, um, um,” parang ganoon; ang ibig sabihin ng lahat ng 'yun ay “Si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos”; mga interpreter. At kinakailangan kong isulat kung ano ang sinabi kong huli, dahil baka di ko masundan kung nasaan na ako, at pagkatapos ay hihintayin ko na matapos sila dun.

74 At pagkatapos nung ako na, sabi ko, “Ngayon, binabanggit sa inyo ng misyunero ang tungkol kay Jesus na dumating para iligtas kayo.” Makikita n'yo sila na nagtitinginan sa isa't isa, alam n'yo, iba't ibang tribo mismo, lahat sila mula rito hanggang dun nang paganoon. Sabi ko, “Binanggit 'yan sa inyo ng misyunero. Pero ang misyunero bang 'yun. . . Sa pagbabasa ng Aklat na ito, nakita n'yo roon na si Jesus ay isang dakilang Tagapagpagaling at ang sabi'y mabubuhay Siya sa pagtugaygay ng kapanahunan sa mga tao hanggang sa Siya'y magbalik muli? 'Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo.' Kayo na mga tumanggap na kay Cristo bilang inyong Tagapagligtas, na may mga etiketa sa katawan, nagnanais ba kayo na makita si Jesus na magbalik muli rito ngayon at lumakad sa gitna ng mga tao at gawin ang siya ring bagay na ginawa Niya noong narito pa Siya noon sa lupa?”

75 Oh, lahat nga sila, “Opo!” Nagnais sila na makita 'yun, kita n'yo. Ninanais nila 'yun.

76 Sabi ko, “Kung ganoon na gagawin Niya ito, na gagamitin tayo para gawin ang siya ring bagay na ginawa Niya noong narito Siya noon sa lupa, kayo ba'y sasampalataya sa Kanyang Salita?”

“Oh, opo!” Kita n'yo, ang Mohammedan ay nakaupo nga roon.

77 Ang unang. . . ang pangalawang tao sa entablado ay isang babaing Mohammedan. Ang Espiritu Santo'y nangusap, sabi ko mismo sa babaing 'yun, sabi ko, “Ngayon, alam mo na hindi kita kilala, hindi ko rin kayang salitain ang iyong lingguwahe.” At aminado siya dun.

78 May pulang tanda siya sa pagitan ng mga mata niya, na ang ibig sabihin siya ay talagang lumaki na Mohammedan. Kaya, sabi ko, “Buweno, ngayon, pagdating sa pagagalangin ka, hindi kita mapapagaling.” Pero sabi ko, “Naunawaan mo ba ang. . . bagay na sinabi ko sa hapon na ito, ang Mensahe?”

79 At siya'y—siya'y sumagot dun sa Mohammedan na interpreter na. . . Isa siyang Indiano, ganoon nga siya. Sabi niya, “Oo, nauunawaan niya. Nabasa na niya ang Bagong Tipan.” Oh, siyanga. Uh-hum.

⁸⁰ Kita n'yo, naniniwala rin sila sa Diyos, siyanga rin. Sila'y binhi rin ni Abraham, siyanga. Kita n'yo? Pero ang sabi'y siya'y "naniniwala sa Diyos," pero, siya'y "naniniwala na si Mohammed ang Kanyang propeta." At naniniwala tayo na si Jesus ang Kanyang Anak. Kita n'yo? Kaya ang sabi nung babae, oh, siya'y—siya'y "naniniwala sa Diyos."

⁸¹ Tapos sabi ko, "Kung ganoon kung alam mo ang Lumang Tipan at nalalaman na ang Diyos ay naroon sa mga kalalakihan ng nagdaang panahon, sa mga kapanahunan na nagdaan, kung ganoon si Jesus, ang Isa na tinatawag naming 'ang Cristo,' ay magiging Propetang-Diyos. Siya . . . kanilang pinatay Siya. Iniisip mo na hindi nila ginawa 'yun kay Mohammed, dahil sinabi mo na siya'y sumakay sa isang puting kabayo at umalis. Yan ang itinuro sa inyo ng inyong mga imam, na, 'hindi Siya kailanman pinatay, siyanga. At namatay nga siya ng isang normal na kamatayan sa kung saang dako, mga ilang taon ang lumipas.'"

⁸² Sabi ko, "Naniniwala ka riyan. Pero ang Jesus na ito, ang paraan . . . batay sa Bagong Tipan, namatay Siya at nagbangon muli, at pinadala ang Kanyang Espiritu pabalik sa Kanyang Iglesya." Ngayon nakukuha mo na ang interes nila, kita n'yo. Yun 'yung bagay mismo na hamon ng Mohammedan kay Billy Graham, kita n'yo. Siya ring bagay, siya ring prinsipyo.

⁸³ Sabi ko, "Ngayon kung . . . Hindi nagbitiw sa inyong lahat ng anumang mga pangako si Mohammed. Pero si Jesus ay nagbitiw sa amin ng isang pangako, na ang siya ring mga gawa na ginawa Niya noon ay gagawin din namin. Ngayon, naalala mo sinabi Niya sa San Juan 5:19, 'hindi Ako gagawa ng anuman hanggang sa ipakita sa Akin ng Ama.'" Sabi ko, "Ngayon, kung si Jesus ay darating at ipapakita sa akin kung ano ang suliranin sa iyo o kung ano ang ipinunta mo rito, sasabihin sa iyo kung ano ang kahihinatnan mo, kung ano ang nakaraan mo, at kung ano ang kinabukasan mo, at kung magagawa Niya sa sabihin sa iyo kung ano ang iyong kinabukasan . . . iyong nakaraan, tunay na maniniwala ka kung anong mangyayari sa kinabukasan mo."

Sabi ng babae, "Totoo 'yan." Kita n'yo, sa pamamagitan nung interpreter.

Tapos sabi ko, "Sige, nawa'y gawin Niya ito."

⁸⁴ At ang lahat ng mga Mohammedan ay tumayo mismo, nakaantabay, alam n'yo. At nung sabihin ng Espiritu Santo, "Ang asawa mong lalaki, mababa, malaki ang pangangatawan na lalaki, na may itim na bigote. Nagpakonsulta ka sa doktor, mga tatlong araw na ang nakararaan." Sabi, "May dalawang anak ka. Isinailalim ka ng doktor sa pagsusuring pambabae, sabi niya, 'Mayroon kang cyst sa iyong sinapupunan.'"

Tumingin ang babae sa ibaba, iniyuko niya ang kanyang ulo, sabi niya, "Katotohanan 'yan."

85 Tapos sabi ko, “Ngayon, kung nabasa mo ang Bagong Tipan, ’yan ba’y tulad kay Jesus Cristo na nagsaysay sa babae sa may balon?”

“Totoo po.”

86 Tapos sabi ko, “Buweno, bakit ka lumapit sa akin na isang Cristiano? Bakit hindi ka lumapit sa Mohammedan mong propeta?”

Sabi nung babae, “Iniisip ko po kasi na matutulungan n’yo ako.”

87 Tapos sabi ko, “Hindi kita matutulungan. Pero kung tatanggapin mo si Jesus na Siyang narito ngayon, na Siyang nakababatid ng iyong buhay at nalalaman ang lahat ng tungkol sa iyo, Kanyang tutulungan ka.”

Sabi ko, “Tinatanggap ko si Jesus bilang aking Tagapagligtas.”

88 Yun ang tumapos. Yun na ’yun. Sampung libong mga Mohammedan ang lumapit kay Cristo noong hapon na ’yun. Kita n’yo? Umabot ng mga tatlumpung taon sa dako ng pagmimisyon, at isa lang ang naakay sa pamamagitan ng literatura; kung saan, sa loob lamang ng limang minuto, sampung libo ang lumapit sa pamamagitan ng Ebanghelyo na pinaging realidad.

89 Hindi kailanman sinabi sa atin ng Diyos na magtayo ng mga simabhan, hindi kailanman sinasabi sa atin na magtayo ng mga eskuwelahan. Yang mga ’yan ay maiinam din naman. Mga hospital man at kung ano pa, alam ng Diyos na kailangan natin ang mga ’yan, ’yan nga’y programa Niya; pero ang atas sa Iglesia ay “Ipangaral ang Ebanghelyo!” Pero ang ginagawa nati’y namimigay ng mga babasahin, literatura mula Asbury, itong mainam na munting dako rito na . . . Pagpalain ng Diyos ang mga taong ito, ang munting Methodist na kolehiyo rito sa Wilmore, Kentucky, ay isa sa pinaka mainam, na espirituwal, na munting lugar sa mundo, sa tingin ko, sa panahon na ito. Sila’y maiinam na mga tao.

90 At paalis ako noon sa . . . nakalimutan ko lang . . . Sa Rhodesia po ’yun, nakalimutan ko lang ang pangalan nung bayan. Billy, naaalala mo ba? [Sinasabi ni Billy Paul, “Salisbury.”—Pat.] Salisbury, tama, New Salisbury. Siya po kasi ang taga-memorya ko. New Salisbury, Rhodesia. At paalis kami noon ng Rhodesia at nakakita ako ng Amerikanong pasaporte noong pasakay kami ng eroplano, isang lalaki at tatlong babae. Tapos sabi ko, lumakad ako papunta sa kanila, sabi ko, “Kumusta.” Sabi ko, “Napansin ko na Amerikanong pasaporte ang hawak mo.”

Sabi niya, “Nakakapagsalita ka ng Ingles.”

Sabi ko, “Oo,” sabi ko, “Ako’y—ako’y Amerikano.”

Sabi niya, “Buweno, siyanga.”

Sabi ko, “Kayo ba’y pumapasyal lang.”

Sabi niya, “Hindi, mga misyunero kami.”

Sabi ko, “Oh, napakainam!” Sabi ko, “Tkinagagalak ko na makatagpo kayo.” Tapos sabi ko, “Taga-saan kayo? Anong simbahan n’yo, o kayo ba’y kasapi sa isang organisasyon, o malaya n’yo lang itong ginagawa?”

Sabi nung lalaki, “Hindi, mga Methodist kami. Taga-Wilmore, Kentucky kami.”

Sabi ko, “Halos bakuran ko na ’yan, sa bahay.” Sabi ko . . .

Sabi niya, “Mangyari po ba na kayo si Kapatid na Branham na nagtungo rito?”

⁹¹ Sabi ko, “Siyanga, po. Tama po.” At siya’y—siya’y natigilan mismo dun. Kita n’yo. Hindi na siya makapagsalita pa. At nakita ko—nakita ko ang kilos niya, tumingin siya sa mga kasama niyang babae, sila’y nagtinginan sa isa’t isa nang *paganoon*. Sabi ko, “Sandali lang muna, iho.” Siya nga’y parang binatilyo lamang. Tapos sabi ko . . . at sa mga babae. Haya’t sabi ko, “Nais kong makipag-usap sa inyong lahat nang isang minuto tungkol sa mga prinsipyo bilang mga Cristiano, na lahat nga tayo, at naparito tayo para sa parehong marangal na layunin. Gusto kong tanungin kayo na tatlong babae at ikaw kabataang lalaki, ‘Magagawa n’yo ba sa Pangalan ng Panginoong Jesus. . .’ Ang sabi n’yo naglumagi kayo rito nang dalawang taon. ‘Magagawa n’yo bang ituro ang daliri n’yo sa isang kaluluwa na inyong naakay sa Panginoon? Isang kaluluwa?’” Hindi nga nila magawa. Haya’t wala ni isang kaluluwa.

⁹² Sabi ko, “Ayaw kong saktan ang damdamin n’yo, ayaw ko nga.” Tapos sabi ko, “Kinalulugod ko ang ginagawa n’yo, pero kayo na mga babae’y mas maiging nasa tahanan n’yo at tinutulungan n’yo ang nanay n’yo sa paghuhugas ng pinggan. Ganoon nga mismo. Wala dapat kayo rito. Ganoon mismo.”

⁹³ At walang sinuman ang may karapatan na humayo sa dako ng pagmimisyon maliban na tinanggap nila ang Espiritu Santo at ipinapangaral ang kapangyarihan ng mga pagpapamalas, dahil ’yun lang ang tanging bagay na—na makapagpapakilos sa mga taong ’yun. At tingnan n’yo ang mga pag-aalsa na mayroon kayo ngayon at lahat na, ’yun nga’y dahil ang tunay na Ebanghelyo ay hindi naipapangaral sa kanila. Inihahatid lamang sa kanila sa anyo ng salita. Buweno, nakikita n’yo ba kung ano ito? Yun ang kadugtong nung—nung “isang nakatakas” noong kapanahunan ni Luther, kung saan ibinigay nito sa mundo ang malayang paglilimbag para sa lahat, ganoon nga, o ang malayang Biblia para sa lahat.

⁹⁴ Ngayon, ngayon ang kapanahunan, ang dakilang kapanahunan na ito. Ngayon, sige’t simulan natin ngayon, sa

palagay ko'y nandun na tayo sa... Yun ang pagbati, sa ika-7 talata. Sa pamamagitan...

... ukol sa... *Filadelfia ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may mga susi ni David, niyaong nagbubukas, at di mailalapat ng sinoman; at naglalapat, at sinoman ay di maibubukas;*

95 Grabeng pahayag! Hindi po ba? Akin—akin pong babalikan 'yan maya-maya, dahil 'yan—'yan ay pumapatungkol sa hulihan pa ng Kasulatan dito.

Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman: na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.

96 Ngayon, ngayon masdan n'yo ang—ang panahon na parating, matapos ang dakilang misyunerong pagkilos na lumaganap sa mga bansa, ukol sa kapatirang pag-iibigan, para dalhin ang bagay na mayroon sila. Wala akong anumang laban diyan, tungkol sa literatura at kung ano pa, na dadalhin sa iba't ibang bahagi, ng mundo. Ngayon, ang iglesyang denominasyon ay nanumbalik sa edukasyong mga gawa uli. Kita n'yo, bumalik uli.

97 Pagkatapos na ang malaking denominasyon ay mailagay, si Jesus ay naglagay ng “bukas na pinto.” Matapos na dumating ang kapanahunang Wesleyan at ang iglesyang Methodist ay matatag sa lupa, magkaugat, tumubo, magbunsod ng isang dakilang iglesya na gaya nito ngayon, na isa sa pinaka bantog mismo, sa gitna ng Protestanteng mga iglesya, at noong panahon na 'yun, ang bagay na nangyari noon, ay, naglagay si Jesus ng isang “bukas na pinto” para sa iglesya bago sila pumasok sa kapanahunan ng Laodicea.

98 Ang dahilan kung bakit sinasabi ko ito nang paganito, ay para makita n'yo ang ibig kong sabihin sa paglawig. Kita n'yo? Ito'y mula sa pagmimisyon na kapanahunan ng pintuan. Pero, kita n'yo, sinabi Niya—sinabi Niya sa kanila na nasa Kanya ang susi ni David at iba pa. Pero dito'y sinabi Niya na Kanyang inilagay 'yun sa harap ng iglesya ngayon; pagkatapos ng kapanahunan ng pagmimisyon, at ni Whitefield, at—at lahat ng iba pa, at ni Finney, at ni Sankey, at ni Moody pababa (si Moody nga ang isa sa pinaka huli.) pababa hanggang ngayon na Siya'y naglagay ng isang bukas na pinto sa harap ng iglesya. Oh, dito nga kayo dapat magmatyag maigi ngayon. Ito'y nasa pagitan ng kapanahunan ng Filadelfia at ng Laodicea, lumawig.

99 Si Jesus ang Pintuan! Ngayon, kung bubuklat kayo kasama ko sa Juan 10:17. Katigan natin ito ngayon, siguraduhin lang na...Marami sa inyo ang maniniwala. At pagkatapos may

magsasabi, “Buweno, hindi ko—hindi ko kailanman. . . Siya lang naman ang may sabi nun.” Kaya gusto kong basahin mismo ito. Juan, sa ika-10 kabanata, at sa ika-17 talata. Juan 10:17. Sige, babasahin natin ang Mga Salitang ito. Pasensya na po pala, Juan 10:7, hindi 17.

Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus . . . Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng kulungan ng mga tupa.

¹⁰⁰ Yun nga’y pagbalik sa mga pagpapala. Papaano nga tayo makakapasok kay Cristo? Ano Siya? Ang kulungan ng mga tupa. Malimit ko ngang isipin ang tungkol dito, “Ano? Maaari ba Siyang maging isang Pinto, samantalang isang Tao?” Ngayon, doon sa—doon sa mga silanganing bansa roon, nalaman ko isang araw noong mapansin ko ang pastol, na sa gabi, dinadala niya ang lahat ng mga tupa sa loob ng kulungan, na pinadadaan ang mga tupa sa isang pinto. At pagkatapos kapag naipapasok na niyang lahat sila, kanyang bibilangin silang lahat para malaman kung ang lahat ba’y nasa loob na. Pagkatapos siya’y hihiga mismo doon sa pintuan, siya mismo. Walang makapapasok dun sa mga tupa, o wala ring tupa na makakalabas, nang hindi dumadaan sa kanya. Kaya si Jesus ang Pintuan, kita n’yo, papasok sa kulungan ng mga tupa.

¹⁰¹ At nakasakay ako noon sa isang munting Britaniang jeep, at sinabi ko dun sa lalaki, Sabi ko, “Yung mga ’yun ay. . .” Tumatawid ’yung mga pastol sa siyudad, at may silbatong hinipan, at ang lahat ay umapak agad sa kanilang preno, at sa isip-isip ko, “Ano kayang nangyayari?” At ’yun pala’y pastol na tumatawid sa bayan kasama ang kanyang mga tupa.

¹⁰² Ngayon, sa dako ng Silangan, hindi po katulad dito. Inilalatag nila ang lahat ng mga paninda sa labas—sa labas sa gilid ng bahay sa mga pamilihan. At may mga mansanas at peras, at kung anu-anong klase ng prutas, at mga ubas na nakasalansan nang maayos, nakasalansan sa istante nang paganito, nakalatag. At bawat isa sa mga nagtitindang ito ay nakatayo roon at sinisikap nilang mahatak ka para bumili ng ilang mga prutas at mga bagay-bagay.

¹⁰³ Buweno, ang pastol na ito, siya nga’y papatawid na mismo sa pangunahing kalsada. Sabi ko, “Kapatid, mukhang dito na magkakagulo, tatayo lang ako at para mapanood ko.”

¹⁰⁴ At sabi nung kapatid na lalaki na kasama ko, “Magugulat ka, Kapatid na Branham. Masdan mo.” Ang lahat nga’y huminto. Lumakad dun ang pastol, na walang pinapansin, bawat tupa ay sumusunod sa kanya mismo. Talagang sumusunod sa kanya! Kung hihinto nga siya sa isang puwesto nang paganito at liliko, bawat. . . ’yung tupa sa likuran niya ay hihinto rin sa puwesto na ’yun, tapos ’yung mga kasunod ay susunod, tapos ’yung kasunod

ay susunod, doon mismo sa puwesto nang pabaling at liliko sa puwestong 'yun.

105 Oh, sa ganoong paraan nga tayo sumusunod sa Pastol! Ganoon nga. Binabagtas ang gitna ng kalsadang 'yun para makatawid sa kabila, at 'yung mga tupa'y sumusunod sa kanya na parang aso. Yung mga tupa nga'y mapapatingin at makikita 'yung mga paninda na naroon, pero sila'y sumusunod sa pastol. Oh, gustung-gusto ko 'yun! Kita n'yo. Sabi ko, "Oh, kapatid, kung makapagsalita lang sana ako sa lingguwaheng ito, mangangaral ako ngayon mismo." Hayan po. Siyanga, ang tupa—ang tupa ay hindi liliko nang pakanan o pakaliwa, kundi nananatiling sumusunod sa likod ng pastol.

106 Yan mismo ang ginagawa ng Iglesya sa pagtugaygay ng panahon, nananatili sa likuran ng Pastol, sa Espiritu Santo na pinangungunahan tayo patungo sa Buhay na Walang Hanggan; hindi lumiliko dahil lang sa ito'y isang malaking mabulaklak na iglesya, at itong isang ito'y may *ganito-at-ganoong* karaming doktor at *ganito't ganoong* gaya nun, bagkus ay nananatili sa likuran ng Pastol. Saanman magtungo ang Pastol, ang mga tupa'y sumusunod, "Nakikilala ng mga tupa Ko ang Aking Tinig, at sa iba'y hindi sila susunod." Ganoon nga. Siya. . . Alam ng pastol ang mga ungol at lahat na na makakapagpabait sa mga tupa na 'yun.

107 Pagkatapos noong nakalabas na kami ng siyudad, haya't kamangha-manghang bagay nga, nakakita ako ng isang—isang bukirin sa dako roon at isang lalaki na nakahilata roon, at sila'y may mga asno, at mga baka, at mga baboy, at mga tupa, at mga kambing, at lahat na sa dako roon. Tapos sabi ko, "Buweno, ano 'yung mga kalalakihan na naroon?"

Sabi niya, "Mga pastol."

Tapos sabi ko, "Isang pastol na nagpapastol ng mga asno?"

Tapos sabi niya, "Ganoon, po."

Buweno, sabi ko, "Akala ko—akala ko ang isang pastol ang ibig sabihin lang ay mga tupa."

108 Sabi ko, "Hindi po. Ang *pastol* po ay isang 'tagakawan, nagpapanginain.' At diyan sa probinsya n'yo ang tawag nila sa kanila ay 'mga cowboy' at—at parang ganoon."

Sabi ko, "Oh, ganoon pala, ang isang pastol ay isang tagakawan."

"Opo."

"Binabantayan niya ang mga kawan."

109 "Tama po." Sabi niya, "Ang kakatwang bagay ay kapag gabi, kung saan kayo. . . kapansin-pansin nga ito. Ikaw po bilang isang ministro, buweno, marahil may sasabihin po ako sa iyo na isang bagay." Sabi niya, "Kapag sumasapit ang gabi. . . Tunay

na pinapastol niya ang bawat isa sa kanila, pinangungunahan sila sa paligid at tinutulungan sila at sinisigurado na mainam na bagay ang nakukuha nila sa buong araw. Pero pagsapit ng gabi. . .lahat ng—ng mga mola at mga asno at mga—mga kamelyo, at anumang mayroon siya, ang mga 'yun ay iniwan sa bukid. Pero kanyang tinitipon ang mga tupa at dinadala sila sa kulungan.”

¹¹⁰ “Oh,” sabi ko, “Panginoon, gawin Mo po akong isang tupa, sa anumang bagay na Iyong gagawin!” Kita n’yo? Dahil kapag sumapit ang oras ng gabi, nais kong magtungo sa kulungan ng mga tupa. Papasok sa Pintuan na 'yun, na dadaan sa Pintuan na 'yun. Juan 17:7 rito, o—o sabi Niya, “Ako ang . . .” 10:7 po, pala, sabi Niya, “Ako ang Pintuan papasok sa kulungan ng mga tupa. Lahat ng dumarating sa harap Ko ay mga magnanakaw at mga manloloob, pero hindi sila pinakikinggan ng mga tupa. Ako ang Pintuan, sa pamamagitan Ko kung sinuman ang papasok, siya’y maliligtas, at papasok at lalabas at makasusumpung ng patulan.”

¹¹¹ “Ngayon, naglagay Ako sa harapan ng iglesyang ito, sa pagitan ng kapanahunan ng Filadelfia at kapanahunan ng Laodicea, ng isang bukas na pinto.” Oh, nakukuha n’yo na ba ito ngayon? At nakahanda na ba kayong liripin ito nang maayos at maigi? Pakinggan n’yo ngayon, ang ganda po nito. Sinasabi ko sa inyo, ito’y Pulot sa Bato, sadyang kinukuha ang mga tipak at pinaniningning ang mga ito. “Ako ang Pintuan patungo sa kulungan ng mga tupa!” Ano ’yung Pinto na inilagay dun noon, ngayon?

¹¹² Sige’t balikan natin sa isipan natin. At mula sa dakilang kapanahunan ng pagmimisyong mga Methodist, na lumaganap sa buong bansa dala-dala ang mensahe ng pagpapaging banal. Kay Luther sa pamamagitan ng pag-aaring ganap. Dumating si Wesley dala ang mensahe ng pagpapaging banal. At sa dulo ng kapanahunan ng Methodist, sa dulo, noong magkaugat ito at nagpasimulang maging isang malaking organisasyon. At sa panahon na ang anumang iglesya. . .

¹¹³ Ngayon pakinggan n’yo, mabigat po ito. Pero nais kong magpakita sa akin saanman sa paghihimalay sa kasaysayan. Na anumang iglesya na ibinangon ng Diyos, umusbong mismo sa Pentecostal na pamamaraan na walang organisasyon; at noong nag-organisa na ito, ito’y namatay at hindi na nakabangon pa uli. Oh, nagpatuloy nga ang pagmimiyembro, pero hindi na sila nagkaroon ng rebaybal. Yung rebaybal ni Luther ay di na bumangon uli, maging ’yung rebaybal ng Methodist ay hindi na bumangon pa, at ganoon din na ang Pentecostal na rebaybal ay hindi na babangon pa. Hindi, na. Inorganisa kasi nila ito, na binanggit na ng Diyos sa mga kapanahunan ng iglesya, na Kanyang “kinapopootan ang bagay na 'yun,” ang doktrina ng mga Nicolaita.

114 Ngayon, alalahanin n'yo, hindi tayo nangungusap laban sa kung sinuman. Nakakalat ang mabubuting tao. Ang mga tupa ng Diyos ay nasa lahat ng mga dako na 'yan. Ganoon nga. Ganoon po. Mga Methodist, mga Baptist, anuman sila, sila'y mga tao ng Diyos kung sila'y ipinanganak na muli sa Espiritu ng Diyos. Sila'y mga tao ng Diyos, pero ikinahon sila ng mga organisasyon. At nagpapadala ng sulat mula Methodist patungong Baptist hanggang Campbellite, at sa iba pa, hanggang sa kanilang—kanilang makusot-kusot na ang mga liham na kanilang dala-dala sa kanilang paglilipat-lipat.

115 Buweno, ganito nga na sinabi ng Diyos ngayon, sa dulo ng kapanahunan na 'yun, "Ako ang Pintuan patungo sa kulungan ng mga tupa." Ngayon, anong pinto ang binuksan ukol kay Jesus, na nasa pagitan mismo nitong dalawang kapanahunan? Noong 1906, noong panahon na ang kapanahunan ng Methodist at—at—at si Dwight Moody at sila'y unti-unting nawawala sa eksena, may mga taong lumitaw na tumanggap ng Espiritu Santo, na nagsasalita sa iba't ibang wika at ganoong mga bagay na ipinanunumbalik sa iglesya. Ganoon nga, mga 1906, nasa ganoon.

116 Buweno, anong nangyari nga pagkatapos? Pagkatapos na dumating 'yun, malalaman n'yo na lang, inorganisa nila ang dating General Council na binuo noon, na ngayon ay tinatawag na Assemblies of God. Kita n'yo, mula sa iglesya na 'yun na nakaabot pa roon. At anong nangyari nga noon? Naglagay Siya ng isang pintuang bukas, isang "bukas na pinto."

117 Ngayon sige't basahin mismo natin ito ngayon, saluhin n'yo ito nang salita sa salita sa paraan mismo nang pagkakalahad Niya rito. Kita n'yo, "Narito. . ." Sige't tingnan natin:

. . . *di mailalapat ng sinoman; . . .*

. . . *inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, . . .*

118 Yun nga'y sa kabilang panig:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman: . . .

119 "Isang pintuang bukas." Ano 'yun? Yun ay kapahayagan ng kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo: hindi pagiging ikalawang persona sa isang trinidad, bagkus ang Diyos Mismo na nagsalaman at nananahan sa kalagitnaan natin. At ang kapahayagan. . .

120 Ngayon, kung mapapansin n'yo, pansumandali, sige't basahin lang natin nang kaunti pa:

. . . *mailalapat: . . . may kaunting kapangyarihan, . . . at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.*

¹²¹ Ang unang beses ngayon na nabanggit ang Pangalan mula noong kapanahunan *dito*, na nawaglit ang Pangalan na ito; at si Luther ay lumabas na may dalang pangalan na siya'y nabubuhay, at siya'y *patay* (Tama ba?), "Ama, Anak, Espiritu Santo." Hetong lumantad uli ang Pangalan ni Jesus, sa pagitan ng dalawang kapanahunan na ito *rito*. Sa pagitan, ng "bukas na pintuan." Ngayon, isa itong kapahayagan: kung ano Siya, ang Diyos, ang mga kapahayagan ukol sa Kanyang pagka-Diyos.

¹²² Ngayon, 'yun ang bagay na Kanyang inihayag sa kauna-unahang kapanahunan ng iglesya. Ngayon masdan, noong makita Siya ni Juan na nakatayo, sa pitong gintong kandelerero, at Siya'y nakatayo na ang Kanyang mga kamay ay nakaunat. Heto ang unang kandelerero, ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, ikapito, na ang Kanyang mga kamay ay nakaunat sa porma ng krus. Sabi Niya, "Ako ang Alpha at Omega." Sa madaling salita, "Ako'y magiging kataas-taasan sa una, Ako'y magiging kataas-taasan sa dulo." Ang mga Liwanag ay sumisikat sa Silangan at lumulubog sa Kanluran. Grabeng mapanglaw, na madilim na panahon, pero "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Ang siya ring kapangyarihan ng Ebanghelyo na sumisikat *dito* sa isang banda sa Silangan, ay suminag doon at ngayon ay nasa kabilang panig na sa Kanluran, "Alpha at Omega, Ako ang A at Ako ang Z." Sa Kanyang mga kamay! Nakukuha n'yo ba?

¹²³ Ngayon, anong ginawa Niya sa unang kabanata ng Apocalipsis? Inihayag Niya ang Kanyang kataas-taasang pagka-Diyos sa unang iglesya, sa Efeso. Tama ba? Buweno, ngayon pansinin n'yo. Bawat isa sa mga iglesyang ito na tumutugaygay rito, Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili sa pagka-Diyos sa Kanyang niluwalating anyo; pero sa huling ito, Siya'y naging Z, bumalik sa orihinal na pasimula muli. Kita n'yo, "Ang una't ang huli." Ang unang kapanahunan, ngayon ay huling kapanahunan, dahil sinabi Niya, "Ako ang una't ang huli." At . . .

¹²⁴ Pero sasabihin n'yo, "Buweno, papaano 'yun nangyari? Sino ang naglabas nun?" Isa 'yung kapahayagan! Marami sa inyo rito ang nakatanggap nito, dahil ang Kanyang bu- . . . Mayroon po akong sasabihin ngayon. Tingnan n'yo! Ang Kanyang buong Iglesya'y itinayo sa ibabaw ng Makalangit na mga kapahayagan ukol sa Kanyang Sarili. Tama ba? Kung hindi kayo naniniwala riyon, bumuklat tayo sa Mateo 16:18, makikita n'yo sa ilang saglit na ang buong kapahayagan ay itinayo sa Kanyang Sarili. Ang buong Iglesya'y itinayo sa ibabaw ng mga kapahayagan ukol sa Kanyang Sarili. Ngayon sige't simulan natin dito sa . . . Sige't simulan natin . . . sige't, sa bandang ika-14 na talata:

At kanilang sinabi, Anang ilan, . . . Si Juan
Bautista: . . .

Ang—ang tanong dun ay, sinabi ni Jesus:

...sa mga sakop ng *Cesarea ni Filipino*, at itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na *sinasabi*, Sino baga, ang sabi ng mga tao... kung sino Ako na Anak ng tao?

ika-13 talata, at 'yan po'y 16:13 ngayon.

At kanilang sinabi, . . .

¹²⁵ Ngayon masdan, heto ang unang dako sa iglesya na si Jesus ay nagsalita, at 'yung . . . doon sa Apocalipsis na dulo naman.

At kanyang sinabi, Anang ilan . . . Si Juan Bautista: at ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, at ang iba . . . at—at . . . o isa sa mga propeta.

Kaniyang sinabi sa—sa kanila, (sa buo roon, sa buong grupo), Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?

At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay. (Oh grabe!)

At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon—Simon Bar-Jonas: . . . sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.

¹²⁶ Oh, grabe! “Hindi mo ito nakuha mula sa isang seminaryo. Walang ibang paraan na makukuha mo ito, Simon, na anak ni Jonas; ang tanging paraan na makukuha mo ito, ay sa espirituwal na kapahayagan na inihayag sa iyo mula sa Langit na Ako Siya.” Sabi ni Jesus, “Kung hindi kayo sumasampalataya na Ako Siya, kayo'y mamamatay sa inyong mga kasalanan. Ako nga Siya!”

. . . sinasabi ko . . . sa iyo, . . . ikaw si Pedro, . . . sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.

¹²⁷ Ano Ito? Espirituwal! Espirituwal! Ang espirituwal na Katotohanan! Ang Salita ng Panginoon!

¹²⁸ Ngayon, nasumpungan natin na ang dakilang kapahayagan na ito na ibinigay rito ng Diyos sa Iglesya, sa huling mga araw, na ipinadala ng Diyos at inihayag sa Kanyang Sarili ang “bukas na Pinto” sa *pagitan* ng dalawang kapanahunan. Hindi 'yan noong—noong kapanahunan ng Laodicea, ni hindi rin *dito* sa ibang kapanahunan (na kapanahunan ng Filadelfia), pero naroon sa gitna (sa pinaglalawigan) dahil ang . . . Papatunayan ko ito sa pagtugaygay pa natin, at makukuha n'yo ito, kita n'yo. Payayabungin pa natin ito, nang sa gayon ay masigurado na hindi n'yo maaalis ang tingin n'yo Rito, kung gusto n'yong makita talaga Ito, kita n'yo. Sige.

¹²⁹ Ngayon, ang kapahayagan ukol sa Kanyang Sarili ay ang dako kung saan Niya itinayo ang Kanyang Iglesya. Ilan ang nakakaalam na totoo 'yan, ngayon? Kanyang itinayo ang Kanyang Iglesya sa ibabaw ng kapahayagan ukol sa

Kanyang Sarili. Buweno. Ngayon anong sinabi Niya? “Walang nakakapagsarado nito!”

Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, . . .

¹³⁰ Ano 'yung “bukas na pinto”? Ang kapahayagan ng kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo! Anong sinabi Niya sa Kanyang unang Iglesya rito, *dito* sa kapanahunan na ito? Ang sabi Niya, “Ako Siya nang nakaraan, nang ngayon, at nang parating! Ako ang una at ang huli! Ako ang Pinaka Makapangyarihan!” Sinabi Niya 'yun nang tatlong magkakaibang beses, ipinakilala ang Kanyang Sarili na Diyos sa unang iglesya *rito*; bago Siya nagtungo sa huling kapanahunan ng iglesya, ang sabi Niya, “Naglagay Ako sa harapan ninyo ng bukas na pinto.” Kung gusto n'yong makita ang Kapahayagan, heto Ito, kung saan Niya itatayo mismo ang Kanyang Iglesya. At ang tanging paraan para madala Niya ang Kanyang Iglesya, ay ang manumbalik ito sa kapahayagan kung ano Siya. Tunay!

¹³¹ Tingnan n'yo! Noong makipagtipan si Abraham, o ang Diyos ay nakipagtipan kay Abraham, noong araw na 'yun na sabihin niya, “Papaano kaya mangyayari ang mga bagay na ito, yamang ako'y matanda na? At ang tanging tagapagmana ko ay—ay itong lingkod na taga-Damasco na mayroon ako rito, si Eliezer.” Sabi, “Ako'y matanda na, at pinangakuan Mo ako ng isang anak. Papaano Mo 'yun gagawin? Papaano ito magagawa?”

¹³² At kung maaalala n'yo siya'y nakatulog, malalim mismo na tulog ang dumating sa kanya tulad ng nangyayari sa sinumang tao; kamatayan. At pagkatapos napansin niya, sa harapan niya ay may—may umuusok na hurno; bawat makasalanan ay nararapat lang na mapunta sa impyerno. Pumatay siya ng isang hayop (isang dumalagang baka), isang babaing kambing at isang lalaking tupa, at isang ibong bato-bato at isang kalapati. Hindi niya hinati ang ibong bato-bato at ang kalapati. At pagkatapos itong munting puting Liwanag ay nagtungo roon, at nagparoo't parito sa pagitan ng mga hinating bahagi ng hayop, na pinagtitibay ang tipan kay Abraham.

¹³³ Ngayon, sa bansang Hapon, kung mayroon pong Hapones dito, alam n'yo ba kung papaano sila makipagtipan sa bansang Hapon? Nag-iitsa sila ng asin sa isa't isa. Kukuha sila ng munting gusi ng asin, at mauupo, mag-uusap sila, “Gagawin mo ba ang *ganito-at-ganoon?*” “Opo, gagawin ko rin ang *ganito-at-ganoon.*” Pagkatapos magtitipan sila at dadampot ng kaunting asin at iitsa sa isa, dahil ang asin ay pampreserba, kita n'yo. Buweno. Sila'y mag-iitsa ng asin sa isa't isa, 'yun ang tipan.

¹³⁴ Sa Amerika, papaano tayo makipagtipan dito, haya't sinasabi natin, “Buweno, gagawin mo ba ang partikular na bagay na ito?” “Sige't gagawin ko ang partikular na bagay na

'yan." At malalaman n'yo na lang, makikipagkamay tayo sa isa't isa, "Ipakikipagkamay!" At 'yun ang tipan.

¹³⁵ Pero, sa silanganan, ang paraan nila ng pakikipagtipan, magsusulat sila ng isang bagay. At isusulat nila ang kontrata na 'yun, at kakatay sila ng hayop, noong panahon ni Abraham. Hahatiin nila 'yung hayop at tatayo sila sa pagitan nun; isusulat itong kontrata na ito, at pipilasin nang *paganito*. Ang isa'y kukunin ang kapisaso nun, at 'yung isa'y 'yung isa naman. At pagkatapos sila'y manunumpa na "ang kanilang katawan ay matulad sa patay na hayop na naroon kung mabigo sila na tuparin ang kontrata na ito." At ngayon ang tanging paraan para ang kontrata na ito ay kailanman... Haya't hindi n'yo nga ito maduduplika. Dudugtong at dudugtong mismo nang eksakto sa siya ring bagay, maglalakip.

¹³⁶ Ngayon, ano 'yung ipinapakita ng Diyos kay Abraham na Kanyang gagawin? Na Kanyang patutugaygayin ang Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ni Isaac hanggang makarating kay Jesus, at Kanyang dinala Siya patungo sa Kalbaryo at doon ay Kanyang hinapak Siya. Kanyang hinapak ang Espiritu mula sa Kanya, mula sa katawan, Kanyang ibinangon ang katawan at iniupo sa kanan ng Kamahalan sa Itaas, at ipinadala pabalik ang Espiritu Santo sa Iglesya. Yun ang tipan ng Diyos, hinapak Ito: na nasa atin ang Espiritu, nasa Kanya naman ang katawan. At kapag Ito'y magbabalik na para maglakip, ang Espiritu na nasa atin ay sasama sa Kanya bilang Nobya. Amen. Wala ngang anumang denominasyon ang nakakabit Dito. Wala, nga. Ito'y purong di-nahaluang, Espiritu Santong kapanganakan. Ganoon nga. Yun ang tipan.

¹³⁷ Ngayon, ngayon nasumpungan natin na Kanyang sinabi, "Naglagay Ako sa harapan ninyo ng isang pintong bukas." At wala akong pakialam gaano mang karaming gawang-taong organisasyon ang magsulputan, o mga denominasyon, haya't maski ang mga pintuan ng impyerno'y hindi Ito masasarado. Isang bagay lang para mapagtagumpayan Ito, lumakip Dito. Ganoon lang. Hindi n'yo nga Ito maaaniban, kaya kinakailangan na kayo'y maipanganak papasok Dito. Tama. Kaya walang makakapigil sa Mensaheng 'yan ng kataas-taasang pagka-Diyos at sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang mga pintuan man ng impyerno'y hindi makakapanaig laban Dito.

¹³⁸ Sasabihin n'yo, "Papaano mo nalalaman na Ito'y tama?" Ito'y eksakto mismong nasa Salita, at walang makapagsasalita ng anuman tungkol Dito. Siyanga! Ito ang Salita. Walang dako saanman na may sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo."

¹³⁹ Itong masigasig na si San Pablo, ang anghel ng Efeso, inatas niya na bawat tao na hindi pa nababautismuan, kahit sa papaano pang paraan kayo nabautismuhan, kung hindi pa

kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, inatas niya sa inyo na lumapit at mabautismuhan muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang sabi niya, “Kung may anghel mula sa Langit ang darating at magtuturo ng anumang bagay na iba, siya’y masumpa.”

¹⁴⁰ Kaya makikita n’yo kung ano ang anghel na darating sa huling mga araw na ito, kung anong uri ng isang Mensahe ang kanyang dadalhin kapag siya’y lumantad na. Marahil tayo’y patugaygay na sa kanya. Pero sinasabi ko nga sa inyo, sa kanyang pagdating, mangangaral siya ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung hindi n’yo ‘yan paniniwalaan, bumalik kayo bukas ng gabi at ipakikita ko sa inyo sa pamamagitan ng Kasulatan. Ganoon mismo ang ipangangaral niya! At ang pagtutuli ng puso, at Makalangit na mga himala, at mga pagkilos ng kapangyarihan gaya ng nakamit nila noong Araw ng Pentecostes. Ang orihinal mismong Pentecostal na Pagpapala ay babalik sa munting mga nalabi na ‘yun para dalhin ‘yun sa ibayo. Ang kontrata’y sasakto mismo gaya noong ito’y pilasin noong una. Oh, iniibig ko Siya! Ako’y sobrang galak, galak na galak. Hindi ko—hindi ko mailahad Ito nang husto. Ako’y lubos na nagagalak na sabihing isa ako sa kanila. Ako’y sobrang nagagalak!

¹⁴¹ Umaasa ako na lahat ng mga kapatiran ay katulad n’yan. Umaasa nga ako na mahikayat ko sana ang mga kapatid kong lalaki at mga kapatid kong babae rito, na mga kalugud-lugod kong mga kaibigan sa buong mundo, na makita nila ang dakilang bagay na ito. Aking—aking—aking ikalulugod ito, ikalulugod ko, ngayong gabi, alam ‘yan ng Diyos. Mayroon po akong munting anak na lalaki, si Joseph, na pinalalaki; at isang munting anak na babae, si Sarah, at si Rebekah; at isang kaibig-ibig na maybahay na ayaw kong iwan; pero kung malalaman ko na ang aking mga kapatid sa kabi- . . . ang mga tao na kakilala ko sa mundong ito, ay kaya nang mataggap Ito at sasampalatayanan Ito, at mapupuno ng Espiritu Santo, ako’y handa nang yumao ngayon. Ganoon mismo. Kita n’yo? Oh, kung magagawa ko lang. . . at hindi mo magawang. . . Kung mangungusap ka naman nang mahinahon, iisipin nila na parang may kung anong lihim ka na pakay sa kanila. At—at may nag-iisang bagay lang na dapat gawin, ‘yun ay manatili sa Salita at patimuin ito. At ganoon nga ‘yun mismo, ang manatili Rito. Oh, mahal na mahal ko Siya!

¹⁴² Isang kapahayagan ukol sa Kanyang Sarili, ang Kanyang kataas-taasang pagka-Diyos. Ano, Kanya bang ginawa ito? Haya’t hindi ko maiwan-iwan ang paksang Ito, siyanga. Inihayag Niya ito sa Iglesya ng Efeso. Tama ba? At ‘yun nga’y noong ang Liwanag ay unang kumawala para suminag, ang Cristianong Liwanag. Tama ba? Nagsimula ang kapanahunan ng Espiritu Santo *dito* sa Efeso.

¹⁴³ At ang sabi ng propeta, “Darating ang araw na hindi gabi ni araw man, subalit sa gabi ay manunumbalik ang Liwanag muli.”

Kita n'yo? Kita n'yo. Kita n'yo, ang araw na ito ay mapanglaw, sa buong paligid mismo, ang kabuoan dito'y mapanglaw (mga organisasyon at lahat na); pero sa huling mga araw sa dako *rito*, sa dako rito ay Kanyang ilalagay ang bukas na pinto. Sinabi ni Jesus, "Ako ang Pintuan na yaon."

144 Napakinggan n'yo na ba nang Kanyang sabihin, "Ako ang pintuan. Ako ang daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag"? Kita n'yo? Napakinggan n'yo na ba nang Kanyang sabihin, "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan"? Napansin n'yo ba ang pagkakabaybay nung *makipot*? M-a-k-i-p-o-t, tubig. Ang ibig sabihin ng *makipot* ay "tubig," na ganoon ang pagkakabaybay. (T-u-w-i-d, kita n'yo.) *Makipot*, "Ang tubig ay daan. At ang tubig ang pintuan, at makitid ang daan." Ano 'yung tubig? Ang lagusan, ang pintuan. Kita n'yo, ang mabuksan. "Sa Pangalan ng Panginoong Jesus ay ang daan, sa pamamagitan ng tubig. Makipot ang pinto, makitid ang daan, na . . ." Si Jesus. . . "Ang tubig ay pinto, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa pagpasok."

145 "Magsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan at inyong tatanggapin, sa inyong pagtuon patungo sa Kalbaryo, ang kaloob ng Espiritu Santo. Dahil ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak." (Ang ilan sa kanila'y nagsasabi, "Para lang 'yan sa mga alagad.") "Para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, kung gaanong karami ang tatawagin ng Panginoon nating Diyos." Yun—'yun ang lahat mismo. "Kung gaanong karami ang tatawagin ng ating Panginoong Diyos." Ang pangako ay para sa lahat, kung dudulog kayo sa siya ring paraan na sinasabi ng reseta. Tama.

146 Huwag n'yong sasabihin, "Buweno, dito na lang ako pupuslit sa daan na ito."

147 May isang lalaki na pumuslit isang beses, alam n'yo, at pumasok sa ibang paraan. Alam n'yo ba 'yun? Nabasa n'yo na ba 'yung talinghaga na 'yun? May lalaki na pumuslit at pumasok sa ibang daan. Ngayon, sa silanganan, kapag sila'y—sila'y nasa hapunan ng kasalan. . . Itutuloy natin ito bukas ng umaga: sa Hapunan ng Kasalan, kung papaanong nakapasok ang lalaking 'yun dun. Sisikapin natin, na talakayin 'yan sa umaga. Sasabihin ko na sana ito ngayon, pero ihihinto ko rin. Sa umaga na lang: kung papaanong ang lalaking 'yun ay nakapasok sa lugar na 'yun mula sa Hapunan ng Kasalan. . . o, para sa Hapunan ng Kasalan.

148 Buweno, "Makipot ang pintuan, makitid ang daan." Ang tubig ang pintuan, ang pasukan patungo sa Panginoong Diyos.

149 "Aking inilagay ang bukas na pinto. Nasa Akin ang mga susi. Ako lang ang tanging makapagbubukas nito, Ako lang ang tanging makapaghahayag nito, nasa Akin ang mga susi." Tama ba? "Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa

Akin.” Walang taong maliligtas kundi sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Hindi sa pamamagitan ng anumang iglesya, anumang organisasyon, anumang obispo, papa, sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Nasa Kanya ang susi, Siya lang ang tanging. . . Ang mga susi ng ano? Si David, sa hinaharap na parating na Milenyum kung saan Siya’y mauupo sa luklukan ni David. “Nasa Akin ang mga susi ni David, Aking bubuksan ang pintuang ito at walang makakapagsarado nito. Walang makapagbubukas nito kundi Ako, at walang makapagsasarado nito sa Akin.”

¹⁵⁰ Papaanong ganoon nga? Papaanong malalaman ng sinumang tao na Siya ang Cristo maliban na Kanyang ihayag ang Kanyang Sarili sa taong ito? Kita n’yo, Kanyang inihahayag ang Kanyang Sarili, nasa Kanya ang susi. Magagawa Niyang buksan ’yun o hayaan lang ’yun. Kita n’yo? “Nasa Akin ang susi ng pintuan. Ako ang Pintuan. Ako ang Daan. Ako ang Katotohanan. Ako ang Liwanag.” Oh! “Ako ang Alpha. Ako ang Omega. Ako ang Una at ang Huli. Ako ang Ama. Ako ang Anak. Ako ang Espiritu Santo. AKO NGA! Hindi Ako ‘noon’ o ‘sa hinaharap.’ AKO YAONG AKO NGA, ’yan—’yan ang nagsasabi ng buong bagay na ito. AKO NGA, hindi Ako ‘noon’ o ‘sa hinaharap.’ AKO NGA, ang ibig sabihin nun ay ‘nabubuhay na presensya nang Walang Hanggan.’ Kita n’yo, AKO NGA! Sa tuwina noon, sa tuwina sa hinaharap, Ako ngayon kung papaano Ako sa tuwina noon at sa tuwina sa hinaharap.” Kita n’yo, Siya—Siya’y sadyang AKO NGA!

¹⁵¹ Kamit ang mga susi ni David tungo sa Kaharian, “walang sinuman ang makapagsasarado nito.” Pinapatunayan ’yan ng ika-7 talata, buweno, na nasa Kanya ang mga susi ni David, “Walang makapagsasarado nito!”

¹⁵² Ngayon tingnan natin ang kasunod na bagay, dagli:

. . . na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, . . .

¹⁵³ Oh! Sinabi sa munting grupo rito, “Ikaw ay may kaunti mismong kapangyarihan ngayon.” Anong ibig sabihin nun? Katulad sa isang tao na patay na, na may kaunting pagkilos ng sarili, unti-unting nabubuhay, unti-unting nagkakalakas, nabubuhay. Lumabas na kayo mula sa mga matatanda’t patay na mga kredong ito at lahat na, nagsisimula na kayong magkabuhay nang paunti-unti, na pinakikilos na ang sarili, parang ginigising na ang sarili. “Ikaw ay may kaunting kapangyarihan, pero Aking inilagay ang isang pinto sa harap mo ngayon.” Noong pagkalabas na pagkalabas nila mula sa—sa Lutheranism at papalismo, at lahat ng iba pang ismo, at—at Methodistismo at lahat na, ang sabi Niya, “Naglagay Ako ng isang pinto sa harapan mo, ngayon mayroon kang kaunting lakas, anong gagawin mo ukol dito? Ito’y inilagay na sa harapan n’yo, maaari kayong lumakad papasok o lumakad palabas, alinman ang gusto n’yo. Ang pintuan ay inilagay na sa harapan n’yo. Mayroon

kang kaunting lakas, kabubunsod lamang sa Buhay, kayo'y nagpapasimula pa lamang.”

¹⁵⁴ Ganoon ang nangyari noon sa sinaunang iglesya. Pansinin n'yo ang dulo ng iglesyang Laodicea, nanumbalik sila sa mga gawa uli. Ngayon kung mapapansin n'yo rito, para—para ipakita na ang iglesyang ito ay nasa pagitan ng dalawang ito. Kung dadako kayo sa kapanahunan ng Laodicea, o sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, “Nalalaman Ko ang inyong mga gawa,” doon sa dulo ng kapanahunan ng Laodicea. Ano 'yun? “Ang inyong mga gawa, at ang luklukan kung saan naroon si Satanas.” Ano ang luklukan ni Satanas? Kita n'yo, bumalik muli diretso sa isang denominasyon.

¹⁵⁵ Kayo na mga Assemblies of God, at Pentecostal Oneness, at Church of God! Oh, hindi n'yo ba nakikita, mga kapatid, kung anong nagawa n'yo? Bumalik kayo mismo sa bagay na 'yun na kinapootan ng Diyos, na sumisira sa pagkakapatiran. Tingnan n'yo ang mga Assemblies of God, ang ilan sa pinaka mainam na mga tao sa mundo ay nasa kanila na mga Assemblies of God. Tingnan n'yo ang iglesya ng United Pentecostal, na sadyang kay iinam na makakatagpo n'yo sa inyong buhay. Tingnan n'yo ang Church of God. At dahil sa mga organisasyon na 'yun, sila'y nagbabangayan at nagsisigawan at nagbabangayan sa isa't isa, at nagtatawagan sa isa't isa ng “pugad ng buwitre” at “lungga ng daga.” Aba, isa nga 'yang kahihyan!

¹⁵⁶ Isa sa bagay na kinamumuhian ng Diyos ay “paghahasik ng di-pagkakasundo sa pagitan ng magkakapatid.” At ganoon nga. At 'yang mga organisasyon na 'yan ang nagbubunsod nito, ang naghahasik ng pagtatalo sa pagitan ng magkakapatid. Ang dapat sana'y tumatayo sa pagitan at nagsasabi, “Tayo'y magkakapatid!”

Hindi tayo hati,
Isang buong Katawan tayo;
Isa sa pag-asa at Doktrina, (Ang Doktrina ng
Biblia.)
Isa sa pag-iibigan.

¹⁵⁷ Gustung-gusto ko 'yung lumang kanta na 'yun, *Onward, Christian Soldiers*. Siyanga, po.

¹⁵⁸ Ang dulo ng mga taga-Laodicea, bumaling sila pabalik sa mga gawa uli, o ang Pentecostal na mga denominasyon ay bumalik sa denominasyon. Kunin natin ang talata 15. Heto po, “Talata 15 ng Apocalipsis 3.” At tingnan natin kung hindi ba't tama ito, ngayon. Apocalipsis 3, at—at, o, sige't tingnan ko lang kung nailista ko ba 'yun nang tama. Apocalipsis. . . Oh, hindi, hindi, ako—ako po pala'y mali, talata 15. Talata 15 po pala ng siya ring kabanata, ipinapakita ang siya ring bagay sa ibaba rito. Oo, uh-huh:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: . . .

159 “Nalalaman Ko ang inyong mga gawa.” Ipinapakita mismo na bumalik sila sa unang bagay nila uli. Bumalik na dala ang kalakasan nila at bumalik nga sa Pentecostal na mga denominasyon. Ang ika-15 talata ng—ng parehong kabanata. Buweno.

160 Sa pagitan ng dalawang kapanahunan ay may kaunti silang lakas, sa pagitan ng dalawang makadenominasyon na makadoktrinang Nicolaita na kapanahunan. Ngayon, noong ang Lutheran dito’y nabuo, na nanumbalik sa pagka-Nicolaita, yaong nakakataas na mga arsobispo’t iba pa. Pagkatapos dumating si Wesley, binuo rin nila ang arsobispo ng Canterbury at lahat ng iba’t ibang mga nakakataas na ito, sa buong ’yun sa loob ng simbahan at iba pa noong—noong kapanahunan na ’yun. Pagkatapos dito naman sa Pentecostal, bumalik sila sa siya ring bagay uli, sa lahat ng kanilang bantog na mga denominasyon, sa doktrinang Nicolaita. Pero sa pagitan ng dalawang kapanahunan na ito ay Kanyang binuksan ang pinto at binigyan ng kaunting lakas ang iglesya para pasiglahin muli na maipapaling nito ang ulo nito, makakatanaw sa ibayo at makikita kung nasaan na ito, makukuha ang kapahayagan. Makabaling, na makikita ang anumang (maging ’yung mga bumagsak na, alam n’yo), at malalaman n’yo na lang, unti-unti nitong iiling ang ulo nito at titingin sa paligid at ipapaling-paling ang ulo nito.

161 Siya nga po pala, akin pong napapanaginipan ’yan kagabi. Charlie, iniisip ko na nakabaril ako ng squirrel; naibagsak ko siya mula sa sanga. At nakita ko ang isang matandang babae roon. Oh, galit na galit nga sa akin ang babae, siya’y pasugod, para komprontahin ako. At ’yung squirrel na ito’y may munting puting tali sa kanyang leeg. At ’yung munting nilalang na ’yun ay nahilata dun at iniling nito ang ulo nito nang dalawa o tatlong beses at tumingin sa akin, at siya’y tumalilis nang husto sa abot ng makakaya niya, pabalik sa kakahuyan.

162 Alam n’yo, at marahil ang ibig ipahiwatig nung matandang babae’y ang iglesya. Maaari kaya? Para bang gusto niya akong tapakan, mabuti nga’t nakalayo ako sa kanya kahit papaano. Tapos. . . Pero, oh, kahit sa kakaunting liwanag, pero sapat na nakapagpasya na—na. . . Alam ko na patungo ako roon sa kalsada at kanya akong sasalubungin dun, at minaneobra ko ang Ford ko pabalik nang dagli-dagli; mayroon silang trailer sa likod nun, tumaob ang buong ’yun, napunta sa kabilang direksyon, na pumigil sa kanya na abutan ako. Halos maabutan na nga ako nun.

163 “Ngayon, mayroon kang kaunting lakas na natitira, anupa’t ninanais mo na gamitin ang lakas na ito para sadyang ganap

na tumalikod sa pagitan ng dalawang denominasyon.” Napansin n’yo ba? “Tinupad ang Kanyang Salita!” Masdan n’yo ang kasunod na talata rito ngayon:

... ikaw ay may *kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, . . .*

164 “Tinupad ang Aking Salita,” sa ganoon nila nakuha ang kanilang lakas. Sa ganoon nila nakamit ang kanilang kapahayagan. Yung isa na ’yun na nakatanggap nung Biblia noong ilimbag ni Luther ang Biblia, at Ito’y tumuluy-tuloy hanggang sa kapanahunan ni Wesley at iba pa, kanilang nahawakan Ito noon at tinupad ang Salita; at nakita ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo na siyang Diyos na nagsalaman sa kalagitnaan natin, at ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus, kaya dumiresto sila sa kanya. Hayan nga. Pagkatapos kanilang—kanilang nakamit ang Kanyang Pangalan noon. Kita n’yo? Hayan nga, talagang malinaw . . . mas malinaw pa kaysa sa pagbabasa ng diyaryo. Kita n’yo? Sadyang . . . At hindi n’yo maikakaila ito, dahil heto nga ito mismo. Inilarawan mismo rito sa Biblia, at heto nga ito rito, at nakuha natin . . . Ito po’y kasaysayan. Diyan mismo nagpasimula ang iglesyang Pentecostal at kaya nakuha nito ang pangalan nito, noong mga 1908, ’10, ’12, parang sa mga panahon na ’yan, na ito nga’y nagsimulang bumagsak.

165 Ngayon, buweno:

... *at hindi nga ikinaila ang pangalan . . . hindi ikinaila ang aking pangalan.*

166 Ngayon, gusto ko ’yun. Nasa Kanya ang—nasa Kanya ang mga susi ni David ngayon, Kanyang natutupad ang Kanyang Salita at—at ipinapasok kayo sa Kaharian. Ang Kanyang Pangalan ay nahayag na. Lumabas sila mula sa iglesya na may “isang pangalan na sila roo’y patay,” at ngayon nakapasok sila sa iglesya na kamit ang Pangalan, ’yun nga’y, kamit ang Buhay. Kita n’yo? Lumabas mula sa patay, “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” na walang naibubunsod na saysay. Kita n’yo, ito’y ibinigay mismo roon bilang isang kapahayagan. Ang Kanyang buong Aklat ay nasulat sa pamamagitan ng kapahayagan. Ganoon nga ’yun, Kanyang inihahayag ang Kanyang Sarili.

167 Ngayon ang sabi Niya, “Humayo kayo at bautismuhan ang mga tao sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo,” Mateo 28:19. Ngayon, aling isa sa mga ’yun ang gagamitin n’yo? Ngayon, karamihan sa mga trinitarian ay nagbabautismo, “Sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Espiritu Santo.” Ni hindi ’yan nakabatay sa Kasulatan. Tanungin n’yo ang sinuman. Tingnan n’yo kung hindi . . . Yun nga’y sa *pangalan*, isa, hindi *mga pangalan*. *Pangalan!* Pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Kita n’yo? Buweno. Ang Ama ay hindi

pangalan; ang Anak ay hindi pangalan; ang Espiritu Santo ay hindi pangalan. Kung ganoon ano ito? Bagay na patay! Walang pangalan dun. Pero sa patay na mga titulong 'yun. . .

¹⁶⁸ Sa pamamagitan ng Buhay ni Cristo, ito'y nahahayag. At siguradong kamit-kamit mismo ni Pedro ang. . . Nakatayo siya roon dala ang mga susi ng—ng Kaharian ng Langit sa kanyang kamay, at ang Kaharian na ito ay ang Espiritu Santo; nakasabit sa kanyang tagiliran, ay ang mga susi sa Kaharian. Sa madaling salita, ang kapahayagan, dahil sinaysay sa kanya ni Jesus. Oh, kapatid, hindi n'yo ba ito nakikita? Si Pedro ay yaong pinagpala ng kapahayagan patungkol sa Katotohanan. At naroon nga siya na nakatayo roon, at narinig niya si Jesus na nagsabi, "Humayo kayo, turuan ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo."

¹⁶⁹ Bumaling si Pedro at nagsabi, "Panginoon, tunay po na kamit ko ang mga susi rito. Kamit ko ang kapahayagan ng kung anong ibig sabihin nito, dahil nalalaman ko na ang Ama ay hindi pangalan, ang Anak ay hindi pangalan, at ang Espiritu Santo ay hindi pangalan, ngunit nalalaman ko kung ano mismo ang Pangalan." "Kaya binabautismuhan ko kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo." Amen. Whew! Ganoon nga.

¹⁷⁰ Ngayon, parang ito'y nagbabasa lang kayo ng isang kuwento ng pag-ibig. At kayo. . . Yun nga'y sa huling aklat ng Mateo, huling bahagi ng Mateo. Kung magbabasa kayo ng isang kuwento ng pag-iibigan, na ilan sa inyo na mga kababaihan. . . alam ko na hindi n'yo na ito ginagawa, tunay na hindi n'yo nga gagawin; hindi, hindi. Kita n'yo? Pero kung ginagawa n'yo 'yun noon nung kayo'y makasalan pa, kita n'yo, magbabasa nung kuwento sa may. . . alam n'yo, noong bata-bata pa kayo, at mababasa n'yo dun sa kuwento, at sabi dun, "Si John at si Mary ay nabuhay nang maligaya habambuhay." Huh! Sino si John at Mary? Ngayon, may isang paraan lang para malaman n'yo kung sino sina John at Mary, 'yun nga'y, balikan 'yung simula nung libro at basahin 'yun. Tama ba?

¹⁷¹ Buweno, mangyari nga na sa huling aklat ng Mateo, sa huling talata, na sinabi ni Jesus, "Humayo kayo, turuan ang lahat na mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, na tinuturuan sila na tumalima sa anumang inutos ko sa kanila." Ngayon, kung—kung ang Ama'y hindi pangalan, at ang Anak ay hindi pangalan, at ang Espiritu Santo'y hindi pangalan, mainam nga na bumalik sa unang bahagi ng Aklat. Kita n'yo? Ngayon, kung babalik tayo sa unang bahagi ng Aklat, sa unang kabanata ng Mateo, masusumpungan n'yo ito.

¹⁷² Nais ko lang ibigay ang munting pagsasalarawan na ito rito baka sakaling mayroon dito na hindi pa ito nakikita. Masdan n'yo ito: *Ito* ang Ama, *ito* ang Anak, at *ito* ang Espiritu Santo.

Ngayon, matyagan n'yong maigi: Ama, Anak, Espiritu Santo, 'yan ang bagay na sinabi ni Jesus sa Mateo 28:19. Tama ba? Ama, Anak, Espiritu Santo. Ngayon, Sino *ito*? Ama? Pakinggan n'yo po mga mag-aaral. Ama, Espiritu Santo, Anak. Ngayon, Sino *ito*? Espiritu Santo. Sino *ito*? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Ama."—Pat.] Sino *ito*? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Anak."] Anak. Buweno. Ngayon, ito'y Ama Nino? Ni Jesus Cristo. Tama ba?

¹⁷³ Ngayon, Mateo, sa unang kabanata, sa ika-18 talata, basahin natin ito. Basahin natin ang mismong kuwento ng pag-ibig ngayon at titingnan natin kung ano ang pagkakabasa nito. Titingnan natin kung Sino—Sino ang Lalaking ito, ng, ayon sa sinabi Niya, "Humayo kayo at bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at Espiritu Santo." Buweno. Ngayon, ang unang kabanata ng Mateo ay sinimulan sa mga salinlahi:

Ang aklat ng salit-salinglahi ni Jesus Cristo, na anak ni David, na anak ni Abraham.

Naging anak ni Abraham si Isaac; . . . si Isaac ay naging anak si Jacob; . . .

¹⁷⁴ At tuloy, tuloy, at tuloy, tuloy hanggang sa dumating sa—sa ika-18 talata. Ngayon, kita n'yo, sa pagbaba n'yo rito sa ika-17 talata haya't . . .

Sa makatuwid ang lahat ng mga salit-saling lahi buhat kay Abraham hanggang kay David ay labingapat na sali't-saling lahi; at buhat kay David hanggang sa pagdalang-bihag sa Babilonia . . . labingapat na sali't-saling lahi; at . . . sa pagkadalang-bihag sa Babilonia hanggang kay Cristo ay labingapat na sali't-saling lahi.

Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay magaaasawa kay Jose, . . .

¹⁷⁵ Sinusundan n'yo ba ako sa pagbabasa? Pakinggan n'yo akong maigi:

. . . Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay magaaasawa kay Jose, . . . nasumpungang siya'y nagdadalang-tao . . . bago sila magsama, nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa Diyos Ama.

¹⁷⁶ Ganoon ba ang pagkakabasa dun? Nasumpungang nagdadalang-Tao sa pamamagitan ng Ano? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Ng Espiritu Santo."—Pat.] Buweno, akala ko ba may nagsasabi na *ito* ang Kanyang Ama. Ngayon, kung ang Espiritu Santo ay isang Persona, at ang Ama'y ibang Persona, kung ganoon pala'y dalawa ang Kanyang Ama. Anong kalalabasan n'yo nun? Isang ilehitimong anak. "Oh," sabi n'yo, "siya . . . sila'y nagkamali lang at namali lang ng paglimbag diyen." Buweno:

At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid. . . ayaw. . . at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.

Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa. . . [Sinasabi ng kongregasyon, "Espiritu Santo."]

177 "Sa bibig nang dalawa o tatlong saksi, ang bawat salita'y pagtibayin." Kita n'yo? Uh-huh. Ang Espiritu Santo'y ang Kanyang Ama. Buweno, sinabi Niya na ang "Diyos" ang Kanyang Ama. Ngayon, kung dalawang magkaibang persona sila, alin ang Kanyang ama? Nakita n'yo na kung saan n'yo napadpad ang sarili n'yo. Bibitinin n'yo lang ang inyong sarili sa ere. Kita n'yo? Ngayon, kinakailangan n'yong sabihin na ang Espiritu Santo'y ang Diyos Mismo! Iyan ang Espiritu Santo, na Diyos mismo. (Ngayon, may dalawa na kayo ngayon, sa halip na tatlo.) Buweno.

178 Buweno, sa ika-21 talata:

. . . na ang kaniyang dinadalang-tao. . . (Sino ang naglagay. . . Sino yaong Isa mismo na nagbunsod na siya'y magdadalang-tao? Ang Espiritu Santo. Buweno.)

At siya'y manganganak ng isang lalake, at ang itatawag mo sa kaniyang pangalan (Pangalan) ay JESUS: sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.

. . . nangyari nga ang lahat ng ito, . . . Ngayon nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,

Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel, . . . na kung liliwanagin. . . sumasa atin ang Dios.

179 Ano ang Kanyang Pangalan? Ngayon, sino si John at si Mary na nabuhay nang maligaya habambuhay? Ano ang pangalan ng Ama, ng Anak at Espiritu Santo? Noong si Jesus ay ipanganak sa lupa, Siya'y ang Cristo na Panginoon. Noong Siya'y tuliin (walong araw ang nakalipas) ibinigay sa Kanya ng Kanyang nanay ang Pangalan at ibinigay sa Kanya ng Kanyang tatay ang Pangalang "Jesus." Siya'y si Jesus Cristo, ang Panginoong Jesus Cristo, noon pa man.

180 Siya'y Panginoon! Noong Siya'y ipanganak, Siya'y ang Cristo na Panginoon. At pagkatapos noong matanggap Niya ang Kanyang Pangalan na "Jesus," 'yun ang nagbunsod sa Kanya

na maging Jesus Cristo na Panginoon. Yun mismo ang nahayag kay Pedro, nalaman niya kung sino si John at si Mary noong sabihin Niya, “Humayo kayo at magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.” Kaya, maaari na ’yung ihayag dahil alam ni Jesus na kamit ni Pedro ang kaloob ng mga kapahayagan, Alam Niya, dahil naihayag na ’yun sa kanya ng Espiritu na nasa itaas. At kapag makita ng Diyos na ang tao’y makakatanggap ng mga kapahayagan mula sa itaas, maaari Niyang pagkatiwalaan ang tao na ’yun, may bagay Siya na gagawin para sa tao na ’yun; kapag ito’y mahahayag sa kanya, dahil sinabi Niya, “Walang makapaghahayag nito kundi ang Kanyang Ama.” Diyos lamang Ang Siyang makapaghahayag nito, at alam Niya na si Pedro ay nasa . . . ay may kaugnayan sa Espiritu. Kaya siya . . .

181 Alam ni Pedro ang kapahayagan na ’yun, at pagkatapos ay nagtungo siya roon at ang sabi niya, “Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong kasalanan.”

182 Ngayon, mga ilang araw bago ’yun, sinabi ni Jesus kay Pedro, (Noong ding panahon na sabihin Niya sa kanya kung Sino ang kapahayagan na ’yun, “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makapapanaig laban Dito.”) “At sinasabi ko na ikaw si Pedro, at Aking ibibigay sa iyo ang mga susi.” Oh! “Ang mga susi sa Kaharian! Ibibigay Ko sa iyo ang mga susi. Anuman ang talian mo sa lupa, Aking tatalian sa Langit. Anuman ang kalagan mo sa lupa, Aking kakalagan sa Langit.”

183 Pagkatapos noong Araw ng Pentecostes, sa pagpapasinaya ng Iglesya, sampung araw matapos na sabihin ni Jesus na “humayo kayo na magbautismo sa—sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo,” si Pedro sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan ay nalalaman mismo na walang ganoong bagay na pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Buweno, wala ngang nakaisip nang ganoon hanggang noong kapanahunan na ng Katoliko. At bawat tao na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay sa katunayan nabautismuhan sa pananampalatayang Katoliko, (ganoon nga) hindi sa Cristianong bautismo. Mayroong . . . mga nalabi.

184 Ngayon, noong Araw ng Pentecostes, lahat sila’y napuspos ng Espiritu Santo, at pagsasalita sa iba’t ibang wika—at—at umaakto sila na parang lasing. At sila’y lasing, lasing nga sila sa bagong Alak. Ang bagong Alak na nanggaling sa Langit, mula sa Canaan sa itaas. At noong lahat sila’y nagsisihiyawan at nagsisigawan at umaakto na parang lasing at kung ano pa, tumayo si Pedro sa kalagitnaan nila at sinabi sa kanila na “Hindi sila lasing, pero sila ay—sila ay . . . Ito ang sinabi noon ng propeta na mangyayari, ‘Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu.’”

185 At ngayon kanilang—kanilang sinabi, “Mga kalalakihan at mga kapatid, anong maaari naming gawin? Mga kalalakihan at mga kapatid, ano ba ang maaari naming gawin?” Yun ang tanong. “Papaano namin makakamit Ito? Sino ba ang may kamit ng mga susi?”

186 “Halika rito, Simon. Nasa sa iyo ang mga susi, hilahin mo mula sa tagiliran mo. At ano ba ang sasabihin mo? Ngayon alalahanin mo, sinabi ni Jesus Cristo, ‘Kung ito’y tatalian mo sa lupa, Aking tatalian ito sa Langit. Kung ito’y kakalagan mo sa lupa, Aking kakalagan ito sa Langit.’ At kung Siya’y Diyos mismo, Kanyang tutuparin ang Kanyang Salita.”

187 Ngayon, kayo na mga Katolikong pari, ipakita n’yo sa akin ang inyong “pagpapatawad ng kasalanan.” May Katolikong pari na nagsabi sa akin isang beses, sabi, “Hindi ba’t sinabi ni Jesus, ‘Sinumang inyong patawarin ang kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila?’”

Sabi ko, “Kanyang sinabi nga ’yan.”

“Sinumang inyong hindi patawarin ang kasalanan, ay hindi ipinatatawad sa kanila?”

“Oo.”

“Ang ibig sabihin nga’y sinuman ang inyong patawarin, sila’y pinatatawad; sinuman ang hindi n’yo patawarin, sila’y hindi pinatatawad.”

Sabi ko, “Yan mismo ang sinabi Nito.”

Sabi niya, “Kung ganoon hindi ba’t ipinagkaloob ni Cristo sa Kanyang Iglesya, na tayo naman ang Kanyang Iglesya, ang kapangyarihan na magpatawad ng kasalanan sa lupa?”

188 “Kanya ngang ibinigay.” Sabi ko, “Ngayon, kung patatawarin mo sila sa siya ring paraan na kanilang pinatawad sila noon, ako’y sasama sa inyo.” Siyanga. Sabi ko, “Papaano ba nila sila pinatawad noon? Sinabi ba nila sa mga tao, ‘Magpanovena kayo’ o kung ano, o sa paraan na ginagawa n’yo?”

189 Hindi, nga. Ang sabi ni Pedro, “Magsisi!” Amen. Yan ang susi, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at pagkatapos ay tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Yung susi nga’y “kumalansing” sa lupa, at “kumalansing” sa Langit. Ganoon nga Ito.

190 Yan ang dahilan kung bakit noong makatagpo ni Pablo ang mga tao na nabautismuhan na ng siya ring lalaki na nagbautismo kay Jesus, sinasabi niyang, “Natanggap n’yo na ba ang Espiritu Santo simula nang kayo’y manampalataya?”

Sabi nila, “Di nga namin alam na may Espiritu Santo pala.”

Sabi niya, “Sa *ano...*” Kung kukunin n’yo sa salitang Griyego, ang sabi, “*Papaano* kayo nabautismuhan?”

Sabi nila, “Kay Juan.”

Sabi, “Hindi na ’yan uubra. Tapos nang inilapat ang Langit. Kinakailangan n’yong dumulog; mangagpabautismo sa Pangalan ni ‘Jesus Cristo.’”

¹⁹¹ Kaya nung marinig nila ito, sila’y nagpabautismo uli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At nung magawa na nila, ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila, ang Espiritu Santo’y dumako sa kanila, nagsalita sila sa iba’t ibang wika at nagpropesiya.

¹⁹² Oh, kapatid, bumalik mismo sa pasimula. Ganoon mismo. Yun ang “bukas na pinto” na inilagay rito. Kumbaga sa heograpiya ay tumutugma ito, ang mga Liwanag sa gabi, at bawat Kasulatan sa Biblia’y dumidirekta mismo rito.

¹⁹³ Maaari tayong manatili rito nang ilang oras pa, haya’t may labing-limang minuto pa ako, at may mga tatlumpu’t limang iba’t ibang komentaryo pa ako na dadaanan dito. At kung hindi natin magawa, itutuloy natin ang mga ito sa umaga kung hindi natin madaanan lahat ngayong gabi. Sige.

¹⁹⁴ Ngayon, buweno:

...na di maisasara ng sinoman; na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, (Buweno.) at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.

¹⁹⁵ Hayan nga’t nakuha natin! “Hindi ikinaila ang Aking Pangalan.” Ang Pangalan ay nahayag na, nakaalis na mula sa lumang patay na denominasyong Sardis, at nakapasok na sa buhay na Iglesia.

¹⁹⁶ Ngayon kunin natin ang ika-9 na talata. Ngayon, mag-iingat tayo ngayon, papunta na tayo sa isang bagay na maselan:

Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila’y mga Judio, at sila’y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila’y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig.

¹⁹⁷ Yan nga’y punung-puno para sa isang mainam na gabi, diyan mismo. Masdan! Ano na sila ngayon? Sila na kinausap Niya, na nakasumpong ng Kanyang Pangalan matapos ang lahat ng panahon na ito sa dako *rito*, lumapit sila sa “bukas na Pinto” kay Jesus Cristo (natamo ang Salita ng Buhay, napuspos ng Espiritu Santo), at ngayon ang sabi Niya, “Narito ang ilan sa kalagitnaan n’yo na mga nasa sinagoga ni Satanas.”

¹⁹⁸ Ngayon, kapatid ko, kung babalikan n’yo ’yung—’yung Pergamo, sa Apocalipsis 2:13, pansumandali, at hayaan n’yong ipakita ko sa inyo rito kung ano mismo ito: ang denominasyon.

*Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid
baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas: . . .*

199 Ngayon nga. Yang Laodicea . . . o, ang ibig kong sabihin ay kapanahunan ng iglesya ng Nicolaita kung saan sila'y napaging denominasyon. At masdan n'yo, para ipakita na sila'y isang iglesya, isang sinagoga, isang simbahan, isang iglesya ng denominasyon. Oh, kapatid! "Ang sinagoga ni Satanas." Kung ganoon, ang mga gawa ng denominasyon ay sa diyablo! Hindi ang mga Cristiano, siyanga, alalahanin n'yo, sila'y mga Cristiano, pero ang tinutukoy ay ang denominasyon mismo. Buweno.

200 Ngayon, napansin n'yo ba nung sabihin Niya, "Nariyan sa kalagitnaan n'yo ang mga nagsasabi na sila'y 'mga Judio,' ngunit nasumpungan na mga nagbubulaan."

201 Ngayon, alalahanin n'yo, ang dakilang anghel . . . Ngayon sa ano siya nangungusap? Sa huling iglesya na ito, sa bukas na pintong ito sa pagitan ng dalawang iglesya.

202 Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya ay tinuruan nino? Ni Pablo. Ngayon dumako tayo sa Mga Taga-Roma 2:29 at tingnan natin kung ano ba ang isang Judio, nang sa gayon makasigurado kayo na alam n'yo na di ito—di ito sariling pag-iisip ko lang tungkol dito. Mga Taga-Roma sa ika-2 kabanata, at sa ika-29 na talata, ng Mga Taga-Roma. Sige, heto na po:

*Datapuwa't siya'y Judio sa loob; at ang pagtutuli
ay . . . sa puso, at sa Espiritu hindi sa titik; ang kaniyang
kapurihan ay—ay hindi sa . . . ang kaniyang kapurihan
ay hindi sa mga tao, kundi sa Dios.*

203 Ano ba ang isang—ano ang isang Judio? Isang Espiritu, Cristianong puspos ng Espiritu Santo! "Alam ko na narito kayo sa dakong ito pagkatapos ng kapanahunan ng pagpapaging banal na sinasabi nila na sila'y 'nagtamo ng Espiritu Santo,' pero siya ang nagsabi nito, hindi ako kailanman." Sinasabi nila na natamo nila ang Espiritu Santo nang wala ang mga tanda na lumalakip, pero sinabi Niya, "Sila'y mga bulaan." "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Hindi natin Siya magagawang magsinungaling. Oh, kapatid! Yan nga ang bumubulag sa inyo, siyanga. Kita n'yo? Oh, naku!

*Aking . . . Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas,
ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, ("Na nagsasabi
na sila'y 'puspos ng Espiritung mga Cristiano,' kuno;
ang sinagoga, ang organisasyon. Ibibigay ko sila na
nagsasabi na 'kamit nila ang Espiritu Santo'; at lahat
ng nag-oorganisa—nag-organisa roon. Hindi pa nga nila
natamo ang kapahayagan!") Kita n'yo? Buweno.) . . .
Aking . . . sila na mga nagsasabing sila'y mga Judio (na
mga Cristiano), at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan;
narito, sila'y aking . . . papapariyanin at pasasambahin*

sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig.

²⁰⁴ Ito mismo'y kailangan kong hihimayin sa aking mensahe bukas ng umaga. Yan ang mga natutulong na birhen diyan. Nakikita n'yo ba? Kailan ito? Sa wakas ng panahon. Oh, noong sila'y lumabas. Heto ang... Kita n'yo? Sila'y inaring ganap sa pananampalataya, napaging banal. Inaring ganap sa pamamagitan ng mensahe ni Luther, napaging banal sa pamamagitan *nito*, pero napalampas ang "bukas na Pinto." Nakikita n'yo ba ito? Inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Luther; pinaging banal, sa kapanahunan ni Wesley.

²⁰⁵ Marami sa kanila na mga kalugud-lugod na Nazarene, Pilgrim Holiness, Wesleyan Methodist, at iba pa, lahat sila'y namumuhay nang isang mabuti't, malinis na buhay, na pinaging banal, at iniisip na nakamit nila ang Espiritu Santo; at kapag narinig ang isang tao na nagsasalita sa iba't ibang wika, o kung ano, haya't tinatawanan nila, nililibak nila, at sinasabi, "Sa diyablo 'yan." Kapatid, sineselyuhan mo lang ang iyong kapahamakan sa ginagawa n'yong 'yan. Pinupusong n'yo ang Espiritu Santo, na bagay na hindi mapapatawad.

²⁰⁶ Buweno, sasabihin n'yo, "Kaanib kami sa Unang iglesya." Wala akong pakialam maski gaanong karami pang simbahan kayo kabilang. Wala 'yang kinalaman sa Salita ng Diyos, at "huwag kayong mag-alis ni magdagdag man." Ganoon nga, "Mga sinagoga ni Satanas!"

²⁰⁷ Umaasa ako na hindi ko kayo nasasaktan. Ayaw ko—ayaw ko sanang magsalita nang tulad n'yan, pero may—may kung anong Bagay sa kaibuturan ko ang nag-uudyok sa akin na gawin ito. Hindi ko alam kung bakit ko ginagawa ito. Alam n'yo naman na ayaw ko sanang gawin 'yan. Parang masama sa pakiramdam kapag sinasabi ko 'yan, pero sa kabila nun ay kailangan kong sabihin ito. May kung anong Bagay roon na nag-uudyok sa akin na sabihin ito. Sa tuwina nga'y ayaw na ayaw ko sanang sabihan ng nakakasakit ang mga kababaihan, ako—ako nga'y nakakaramdam ng... Ang babae kasi'y maaaring umiyak, at masama talaga sa loob ko. Ayaw ko—ayaw ko sanang sabihan ang mga kababaihan ng nakakasakit, pero may kung anong Bagay doon na ibinubunsod na gawin ko ito. Kita n'yo? Ang isang imoral na babae (Ooh, naku!), hindi ko nga maatim. Dahil, may kung anong Bagay sa loob ko ang nagbubunsod na gawin ko ito, ang Espiritu Santo.

²⁰⁸ At sa pagtingin ko rito sa Salita, naiisip ko, "Panginoon, kung ako po'y mali, ipakita Mo po sa akin. Huwag Mo po akong ibunsod na gawin 'yun na para lang maging ganoon. Ang mga tao'y hindi... hindi ko... Mahal ko po ang mga tao, alam Mo po

na mahal ko sila. Huwag Mo pong ibunsod ako na makapanakit ng iba, Diyos, alam Mo po na hindi ko gagawin 'yun."

209 Pero ang Espiritu Santo'y tumindig at nagsabi, "Tumindig ka sa Salita na 'yan! Manatili ka riyan! Manatili ka mismo sa Salitang 'yan!"

210 Tapos sabi ko, "Opo, Panginoon. Kung ito...Ikaw ang pinaka mainam kong Kaibigan. Ikaw lang ang tanging isa na aking...Ikaw ang tunay kong Kaibigan na...tanging Isa na tutulong sa akin kapag ang buhay na ito ay kumukupas na, kaya ako'y tatayo mismo kasama Mo, Panginoon."

211 Heto nga ako. Hindi ko intensyon na makapanakit, huwag n'yo po sana akong maisipan nang mali kapag aking sinasaway ang mga organisasyon at mga bagay-bagay. Bago ko pa nalaman ang anuman tungkol dito, sa buong buhay ko, akin nang sinasaway ito. Kahit kailan ay hindi ako napaniwala dun, 'yan ang dahilan kung bakit hindi ako nakawit sa ganoon. At... Buweno. Salamat sa Diyos dahil sa pananatili sa akin na malayo sa ganoon!

Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y puspos ng Espiritu, at sila'y hindi, kundi...nangagbubulaan; at aking papapariyanin sila...pasasambahin sa harap ng iyong mga paa...

212 Naalala n'yo ba ang mga natutulog na birhen noong siya'y bumangon? Ngayon, naalala n'yo ba, kung anong itinawag sa kanya? May sampu sa kanila na lumabas para katagpuin ang Nobyo. Tama ba? Lima ang matatalino, may Langis sa kanilang ilawan. Ilan ang nakakaalam kung ano ang ipinapahiwatig ng langis sa Biblia? Espiritu. Ngayon, hindi nga masasabi ng isa man dun, "Hindi ka pinaging banal, at ako'y hindi..." Lahat sila'y pinaging banal, bawat isa sa kanila. Ang lahat ay pinaging banal; pero ang lima'y sapat na matalino (na makamit ang karunungan ng kapahayagan) na makita ang Pintuang 'yun, kita n'yo, na mapuspos ng Espiritu. Sila'y may Langis sa kanilang ilawan, at 'yung iba'y walang Langis. At nung sila'y magising, hayan nga, heto sila na lumapit sa kanila, ang sabi, "Oh! Oh! Bigyan mo ako ng iyong Espiritu Santo, Langis. Bigyan mo ako ng kaunti!"

213 Sabi, "Naku, pasensya na, kapatid na babae, sapat lang itong nasa akin. Sigurado ako na wala na akong sobra na maibibigay."

214 Kaya...at habang...sabi Niya, "Yumaon kayo at manalangin." At habang pumupunta sila para kumuha ng ilan, dumating ang Nobyo at ang iba'y pumasok na sa Hapunan ng Kasalan; at sila nga'y naiwan, kung saan ang mga 'yun ay dadaan sa panahon ng Kapighatian ng...Subaybayan n'yo po sa kaunti't, ilan pang mga talata, makikita n'yo na dumaan sila mismo sa panahon ng Kapighatian. Kita n'yo?

215 Ngayon, ang natutulog na . . . Itutuloy natin 'yan sa umaga. Oo, naniniwala ako na mas mainam kung maghihintay tayo para diyan, dahil 'yung oras ay malapit na, siyanga, na magtapos.

216 Ngayon tingnan natin:

Narito, aking . . .

Nasumpungan nila na sila'y mga bulaan, na wala silang Espiritu Santo.

217 Isang bagay lang po pala rito, kung maaari, habang narito pa tayong lahat. Si Judas Iscariote, gaya ng nabanggit ko kagabi, ay ang anak ng kapahamakan. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y ipinanganak na anak ng kapahamakan." Kaya nung siya . . . At si Jesus Cristo ay isinilang na Anak ng Diyos. Pagkatapos, ang Diyos ay nanahan kay Cristo. Tama ba? Ang . . . Si Satanas naman ay nanahan kay Judas. Kung Siya ang Anak ng Diyos, na ipinanganak na Anak ng Diyos, ang nagsalaman na Anak ng Diyos; kung ganoon ipinanganak si Satanas na anak ng kapahamakan, na siya ang nagsalaman . . . ang anak ng kapahamakan, si Satanas, ang diyablo.

218 Ngayon, kung mapapansin n'yo, inianib niya ang kanyang sarili *kay* Jesus, at naging isa sa kanila. Kita n'yo? Ngayon, ang dahilan kung bakit ginawa niya 'yan, ay para magawa niya ang pandaraya na maaari siyang dumako sa iglesya sa panahon na 'yun. Ngayon, ang sabi ni Jesus, "Sila'y mga sinagoga ni Satanas." Oh, grabe! Tumimo po ba? Sila'y mga sinagoga ni Satanas! Yan nga si Judas na nagpapanggap na maging isang Cristiano.

219 Ano ba ang pangunahing pakay ni Judas? Pera nga. Ang pinaka malaking panghatak ng marami sa mga bagay na ito ay pera. Tingnan n'yo ang Assemblies of God, na nagtatayo ng anim-na-milyong-dolyar na gusali sa dako rito, at nagtuturo na "ang Panginoon ay darating dagli-dagli." "Oh, ang mga bombang ito sa mga silungan ng eroplano'y pasasabugin na tayo," at hetong nagtatayo ng anim-na-milyong-dolyar na gusali. Oh, naku. Buweno, mayaman at hindi nangangailangan . . . Dadako tayo riyang bukas ng gabi, siyanga, loobin ng Panginoon.

220 Ngayon pansinin n'yo rito. Oh, tingnan n'yo kung gaanong naglalakihan ang mga simbahan, ng naglalakihang mga organisasyon na ito. Pinagsasama-sama nila ang kanilang pera at . . . Oh, kahabagan! Sila'y naging multi-bilyon na mismo . . . anupa't may pinansyal, na asosasyon ng pautang sa kalagitnaan nila, at lahat na. Nagpapautang ng pera't mga bagay-bagay, itong mga iglesya. Kapatid, parang hindi po apostoliko ang dating nun sa akin.

221 Sabi ni Pedro, "Pilak at ginto'y wala ako, pero ito ang mayroon ako . . ." Yan nga ang ibigay n'yo sa akin, at sa inyo na ang lahat ng mga pera n'yo. Ganoon nga. "Pilak at ginto

ay wala ako, pero itong mayroon ako ay ibibigay ko sa iyo: Sa Pangalan ni Jesus Cristo. . .” Yun ang bagay na mayroon siya, ang kapahayagan ukol Dito. “Aking ibinibigay sa iyo: Sa Pangalan ni Jesus Cristo’y tumayo ka at maglakad.”

²²² Buweno, nasumpungan natin dito na sila’y “mga sinagoga ni Satanas.” Ngayon, papaano sila naging ganoon? Ngayon, si Judas noong dumating siya. . . Ngayon tingnan n’yo! Noong mga panahon ding ’yun na si Jesus ay dumating sa eksena, si Judas ay dumating din sa eksena. Napansin n’yo ba ’yun? At noong panahon ding ’yun na umalis si Jesus sa eksena, si Judas ay umalis din sa eksena. Noong panahon na ’yun na ang Espiritu Santo’y bumalik sa eksena muli, si Judas ay bumalik muli sa eksena. Ang espiritu ng anticristo, para gumawa, maging ang mga anak ng pagsuway, na hindi iniintindi ang Biblia, bagkus ang iniintindi ay ang—ang denominasyon. Kita n’yo? At ginawan nila sila ng isang sinagoga! At ang sabi rito ni Jesus, “Ito’y sinagoga ni Satanas.” Saan? Narito mismo sa kapanahunan na ito *rito*. Papaano ’yun nagsimula *rito*? Sa pamamagitan ng isang organisasyon. Yun na ’yun din ang ginawa nito *rito*. “Isang sinagoga ni Satanas.” Nakukuha n’yo po ba?

²²³ “Ang sinagoga ni Satanas,” sabi Niya, “na nagsasabi na sila’y puspos ng Espiritu.” Ngayon, papaano nila nasasabi ’yun?

²²⁴ Si Judas, noong narito siya sa lupa, kinatagpo niya si Jesus, nagpahayag na siya’y isang mananampalataya ni Jesus, at naging ingat-yaman, na siya ang nagdadala ng lahat ng pera. Tama ba? Alam n’yong lahat ’yan. Ngayon, kung siya’y nanampalataya kay Jesus Cristo, kanyang tinanggap (nang ditama) ang pag-aaring ganap. Tama ba? Sa Mga Taga-Roma 5:1, “Yaman nga na mga inaring ganap na sa pananampalataya.” Tama. Buweno.

²²⁵ Buweno, tapos isa pang bagay, sa San Juan 17:17, pinaging banal sila ni Jesus sa pamamagitan ng Katotohanan, ang sabi Niya, “Ang Iyong Salita ay Katotohanan,” at Siya ang Salita.

²²⁶ At pinagkalooban Niya sila ng kapangyarihan laban sa maruruming espiritu; para humayo at magdaos ng mga gawain ng pagpapagaling, at magpalayas ng mga demonyo, at—at magpamalas ng lahat ng uri ng mga himala. At noong bumalik sila, si Judas nga’y kasa-kasama nila. . . Ngayon masdan n’yo, Nazarene, Wesleyan Methodist! Bumalik sila, na nagbubunyi, at lubos-lubos ang galak, at pinupuri ang Diyos, at humihiyaw dahil ang mga diyablo’y nagsisuko sa kanila. At sinabi ni Jesus, “Huwag kayong magalak na ang mga diyablo’y nagsisuko sa inyo, bagkus ay magalak kayo dahil ang pangalan n’yo ay nakasulat sa Aklat ng Buhay.”

²²⁷ At tandaan n’yo si Judas ay isa sa kanila dun! Kita n’yo, magagawa niyang dayain ang iglesia hanggang sa puntong ’yun. Siya’y gumagawa mismo sa hanay nila, alam n’yo,

pero pagdating sa Pentecostes ay doon niya ipinakita ang kanyang kulay. Ganyan mismo ang ginawa niya sa Primiti-. . . sa iglesyang Methodist, at ang ginawa niya sa iglesyang Lutheran, at ang ginawa niya sa iglesyang Nazarene, at sa mga Church of God at sa kanila, dumating hanggang sa pagpapaging banal; pero pagdating na sa bautismo ng Espiritu Santo para magsalita sa iba't ibang wika, at kamtin ang mga tanda't mga kababalaghan, kanilang kinondena Ito.

²²⁸ Sila'y sasabay sa inyo sa daan ng Makalangit na pagpapagaling. Tunay, si Judas din ay ganoon. Kita n'yo? Pero pagdating. . . Marami pong Makalangit na pagpapagaling. Sila'y nasa daan na 'yun gayon, kapatid, tumatayo nang dalawang oras at sinasabi, "Masusunog ang inyong mga pananim kung hindi kayo magbibigay sa kanila ng limampung dolyar kada gabi, ang bawat isa." At lahat ng ganoong bagay, 'yun nga'y sa diyablo. Tunay nga. Naniniwala ako sa Makalangit na pagpapagaling nang buong puso ko. Pero ang bagay na 'yun ay sa diyablo, tunay nga, 'yun nga'y sa diyablo. Ano naman kung marami ang maaari n'yong gawin, o gaanong karami ang nagagawa n'yo; si Judas ay nagpalayas din ng mga diyablo, siyanga.

²²⁹ Sabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na yaon, na magsasabi, 'Panginoon, Panginoon, ako'y. . . hindi ba't nagpalayas ako ng mga diyablo sa Iyong Pangalan at nagawa ang makapangyarihang mga gawa na ito'?"

²³⁰ Sabi Niya, "Inyo mang nagawa, wala Akong nalalaman tungkol dito. Lumayo kayo sa Akin, mga manggagawa ng katampalasan, hindi Ko kayo nakikilala." Tunay.

²³¹ Oh, kapatid, "makipot ang pinto, at makitid ang daan, at tunay na kakaunti ang makasusumpong Nito." Pinag-uusapan natin itong "kakaunti" na ito dahil narito na tayo sa huling kapanahunan kung saan magiging kakaunti na lang talaga. Tanggapin n'yo Ito, kung maaari, mga kapatid!

²³² Huwag n'yong isipin na dahil sa nakatayo ako rito. . . Mas gugustuhin ko pa. . . Kung sa akin lang, ako'y—ako'y. . . Kung sa akin lang, maaari kong maikompromiso ang aking sarili at sasabihin, "Sige't kunin natin ang Assemblies of God o ibang kilusan, sige't umanib kayo sa kanila at makisama sa kanila." Pero, oh, kapatid, sa aba ko kung gagawin ko 'yan! Sa aba ko! Mas mainam ang nalalaman ko kaysa rian. Itatapon ako ng Diyos sa impyerno dahil sa paggawa ng isang bagay na gaya n'yan. Siyanga, po. Kung mayroon akong. . . Seselyuhan ko ang patotoo ko ng aking buhay, kinakailangan kong selyuhan ito, ganoon talaga. Dahil may kung anong Bagay sa kaibuturan ko, na wala akong ibang bagay na magagawa kundi gawin mismo 'yun kaysa sa anupaman sa mundo.

233 Alam ko na ito ang Katotohanan, at kinakailangan kong tumayo sa kung ano ang Katotohanan, at itataguyod ito ng Biblia. Ang organisasyon nga'y kontra Rito, pero sinasabi ng Biblia na Ito'y tama. "Hayaang ibunsod ang bawat salita ng tao na kasinungalingan, at ang Akin ang totoo." Yun ang Katotohanan, hayun nga Ito, kaya kayo'y manatili mismo Roon.

...gawin silang...sinagoga ni Satanas,...
(Buweno.)...At maaalaman nila...lalapit sa iyong mga paa, at...nang maalamang...ikaw ay aking inibig.

Sapagka't tinupad mo ang mga salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok,...

234 Masdan n'yo ngayon, para ipakita na hindi pa ito kapanahunan ng Methodist na ipinapangusap ko, hindi pa, ito 'yung paglawig. Masdan! Handa na ba kayong makinig? Lahat kayo? Pakinggan n'yo itong maigi ngayon:

Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan (ang munting nalabi na 'yun) *sa panahon ng pagsubok, kapag...*

235 Sasapit ang iglesya sa isang kalagayan kung saan kinakailangan n'yong pumasok sa organisasyon na ito o—o kayo'y magiging...sasapit nga kayo—sasapit nga kayo roon, kapatid. Ganoon mismo. Alinman sa kayo'y maoorganisa o tatanggapin ang tanda ng hayop, o tatanggapin... Alinman sa iorganisa n'yo ito, o tutungo dun sa pagka-denominasyon (na sa aktuwalidad ay ang parating na tanda ng hayop), dahil ito'y isang pagboykot. Kita n'yo?

...darating...na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa.

Narito, Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.

236 Ngayon itong matinding "tukso," ang oras ng tukso na darating para subukin ang buong mundo, dadako sa Kapighatian. Sa ilang saglit ay makikita natin ito. Dadako sa Kapighatian, at ang Kapighatian ay hindi dumating sa mga araw ni Wesley. Kaya sa anong kapanahunan na kaya tayo? Ano ba itong "Pintuan" na inilalagay sa harapan? Ito'y sa pagitan ng Wesley at ng...kung saan patungo na ang iglesya ngayon, at narito na nga, sa kapanahunan ng Laodicea. Pero itong munting dako *rito*, sa loob ng huling tatlumpu't lima, apatnapung taon, ay naging isang "bukas na pinto" na nakalagay mismo sa harapan ng mga tao para pumasok, at kukunin na ng Diyos ang Nalabi at tatatakan Ito. At tutugaygay sila papasok sa pagiging sala-sa-init sala-sa-lamig at Kanyang isusuka sila mula sa Kanyang bibig. Papaikliin ang gawa, aakyat ang Iglesya, at heto ang

anticristo na dumarating na kikilos na para sa pagwasak. Ganap na ganap mismo, na talagang tumutugma sa buong Biblia saan mang anggulo. Buweno, ngayon.

²³⁷ At heto ang paglitaw ng natutulog na birhen din. Heto ang nagpapatunay na ang huling kapanahunan ng iglesya’y dadako sa unang bahagi ng Pentecostes, dahil sila’y papasok dun sa Malaking Kapighatian na darating sa . . . na hindi dumating noong kapanahunan ni Wesley.

²³⁸ Ika-11 talata, sige po, “isang putong ng Buhay.” Ang—ang ika-11 talata ang sabi:

Narito, Ako’y dumarating na madali: . . . (Ano? Madali pagkatapos nito ngayon, kita n’yo.)

Narito, Ako’y . . . panghawakan mong matibay ang nasa iyo (maglumagi kayo roon), upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.

²³⁹ Ano ba ang “putong”? Ano ang isang putong? Ito’y isang—ito’y isang—ito’y isang . . . Ang ibig sabihin ng *putong* ay ikaw ay “may—may nasasakupan.” Isa kang hari kung ikaw ay mapuputungan. Kita n’yo? At tayo’y mga anak ng Diyos kapag tayo’y naputungan ng Buhay na Walang Hanggan, at ang nasasakupan natin ay ang lupa, “Gagawin kayong mga saserdote at mga hari sa Diyos.” Tama ba? Kaya hayan nga.

²⁴⁰ At doon sa Bagong Jerusalem, ganoon nga na ang mga hari ng lupa ay dadalhin ang kanilang kaluwalhatian papasok doon sa Bayan. Oh, kamangha-mangha nga! Haya’t . . . kung gusto n’yong makamit ’yun. Kita n’yo, katulad nga ng pagkinang na gaya ng mga bituwin, mga putong. At ang Daniel 12:3 ay nagbigay ng dakila’t, malaking pagsasalarawan nito, kung nais n’yo pong ilista. Siguro’y may oras pa tayo nang ilang minuto para matalakay ito. Sige’t kunin natin ang Daniel, kung ano ang sinasabi niya rito, sa ika-12 kabanata ni Daniel. Sige. Simulan natin sa una, sa ika-12 kabanata:

At sa panahong yaon si Miguel . . . (Kita n’yo? Oh, kilala n’yo na kung sino ’yun!) . . . ay . . . tatayo, na dakilang prinsipeng tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, (Ano ’yun? Pagkatapos agad nito. Kapighatian!) na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa’t isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.

At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, at ang iba’y sa walang hanggang buhay (ang putong), at ang iba’y sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak.

At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay . . . parang mga bituin magpakailan man.

241 Oh, kapatid, hayan ang inyong “putong,” ang maluwalhating putong ng Buhay na Walang Hanggan! Isang putong ng Buhay na Walang Hanggan.

242 Ika-12 talata, bago mismo tayo . . . At sa palagay ko ay dumako na tayo rito pagkatapos n’yan.

Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, . . .

243 Ngayon papasadahan lang natin ito nang mabilisan dahil lumampas na ako ng limang minuto. Pero maaari naman kayong matulog nang kaunti pa sa umaga, hindi po ba? Nanay, hayaan n’yo lang si tatay na matulog. Kaya n’yong gumising nang maaga, pero si Tatay nga’y medyo mahihirapan bumangon. Kaya hayaan n’yo lang siya na matulog pa nang kaunti. Bumangon lang kayo nang marahan, ipagtimpla siya ng kape, o anuman ang iniinom niya, at magiging maganda ang gising niya.

Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, . . .

244 Oh, tugaygayin nga natin ’yan nang salita sa salita pansumandali. Makakaya n’yo bang magtitiis pa nang ganoong kahaba pa, kaunti na lang? Alam ko po na mainit, at alam n’yo rin na mainit din dito sa itaas. Pero sige’t tingnan natin:

. . . Aking gagawin na isang . . . Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, . . .

245 “Haligi.” Isang *haligi*, o isang “pundasyon.” Pundasyon sa templo ng Bahay, o sa Bahay ng Diyos. “Ang *templo* ng aking Diyos,” o “ang ‘Bahay’ ng aking Diyos.” Isa ’yung haligi, ang pundasyon. Sila ito na tinanggap ang Salita na kanilang narinig (sa talata 8), at bumaling pabalik sa pundasyon.

246 Ngayon kunin natin ang Mga Taga-Efeso 2:19, doon sa iglesya ng Efeso. Alam n’yo, kinakailangan n’yo ngang bumalik sa Efeso, ’yun ang pasimula. Tama ba? Buweno, bumalik tayo sa Efeso kung saan naroon si Pablo, ang iglesya na kanyang itinatatag. At tingnan natin ngayon kung nasaan tayo. Buweno, ang iglesya ng Efeso. Bumalik tayo ngayon at tingnan kung ano itong pundasyon sa panahon na ’yun noon, at tingnan kung anong sinabi ni Pablo tungkol sa kinasasaligan na naroon sa unang kapanahunan ng iglesya roon. Ngayon heto’t nangungusap siya sa mga Taga-Efeso:

Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa o mga manglalakbay, kundi kayo’y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios;

Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga . . . (Lutheran ba, o ng—o ng Baptist ba . . . Ngayon, sandali, napaghalo ko po yata, hindi po ba? Uh-oh.)

Kundi itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok;

²⁴⁷ Ang lahat ay pumasok na dumaan sa Pintuan na 'yun, kay Jesus! "At ang magtagumpay ay gagawin Kong haligi." Sa madaling salita, bahagi ng pundasyon. "Anong ibibigay Ko sa kanya? Aking ilalagay sa kanya ang Turo't Aral ng mga apostol at mga propeta mula sa pasimula, at pagkakalooban siya ng Kapahayagan." Anong sinabi ng mga propeta tungkol sa Kanya? Siya'y Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama. Yun ang bagay na sinabi nila, ng mga propeta, ng mga apostol. "at siya na magagawang panagumpayan ang lahat ng mga sinagogang ito ni Satanas, na pananatilihin ang kanyang sarili na hindi mahaluan at titingin nang diretso sa Pintuan, gagawin Ko siyang isang haligi, Akin siyang ilalagay pabalik sa kinasasaligan ng Aking Salita sa Bahay ng Aking Diyos." Oh, grabe! "Aking ilalagay siya roon sa haligi na 'yun, sa kinasasaligan kung saan nananatili kayo mismo sa Salita." Amen. Gustung-gusto ko 'yun, kapatid, kay inam Nito. Siguro'y nakakatawa ang kilos ko, ako . . . pero ang ganda po ng pakiramdam ko. Buweno.

. . . gagawin siyang isang . . . Siya na magtagumpay . . . gagawin siyang haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya lalabas pa doon: . . .

Ano 'yun? Kung siya'y isang haligi, hindi na nga siya lalabas pa dun. Siya'y ang Nobya! Tama.

²⁴⁸ Gaya ng kamit noon ng kapanahunan ng Efeso, gaya ng itinuro sa kanila ni Pablo sa Mga Gawa . . . Ngayon, sandali lang po. Kung kayo'y magiging isang haligi . . . May isa pa akong Kasulatan na isinulat dito na nais kong ibigay sa inyo bago tayo magtungo sa Nobya. Ngayon, kung ang isa'y magiging isang haligi, kayo'y babalik sa Efeso, kayo'y babalik sa kapanahunan na kinaroroonan ni Pablo. At si Pablo, ang anghel ng Efeso, na siyang pasimula ng iglesya, ang pundasyon, kanyang itinuro sa kanila, "Na kung nabautismuhan sila sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni 'Jesus Cristo,' ay kailangan ngang magpabautismo uli." Tama, Mga Gawa 9, o 5:19, o 19:5, ang ibig kong sabihin. Sa Mga Taga-Galacia 1:8, ang sabi niya, "Kung may anghel man na magturo ng iba, siya'y masumpa."

²⁴⁹ Sila'y ang Nobya rin na naroon sa templo. Ngayon dumako tayo sa Apocalipsis sa ika-7 kabanata, tingnan natin kung sila ang Nobya, sa ika-7 kabanata ng Apocalipsis.

²⁵⁰ Ngayon, marahil ako, aking—aking . . . Pinag-uusapan natin dito, ang nalabi ng Israel, ang sandaan at apatnapu't apat

na libo, at ang iba pa, pero ating—ating laktawan muna 'yan at dumako agad sa ibaba sa bandang ika-12 talata. Hayan nga't, isang pentecostal na pagtitipon ang naroon! Ito 'yung mga tao na...oh, kita n'yo...Buweno, simulan natin dito sa ika-9 na talata dahil ang una'y sa Israel, at mayroong sandaan at apatnapu't apat na libo na natatakan, na tatalakayin natin bukas.

At...Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinoman,...

²⁵¹ Ngayon, alalahanin n'yo, mula 4 hanggang 8 ay Israel, na mga bating, na mga bantay ng templo. Kita n'yo, itutuloy natin 'yan sa umaga, loobin ng Panginoon. Ngayon, Siya'y nagtatatak doon, sa lahat na labing-dalawang lipi. Sa lipi ni Juda, Siya'y nagtatatak ng labing-dalawa; kay Ruben, Siya'y nagtatatak ng labing-dalawa; kay Gad, Siya'y nagtatatak ng labing-dalawa; at kay Levi; at kay Zabulon; at kay Benjamin, tiglalabing-dalawa. At ilan ba ang lipi na naroon sa Israel? [Sumasagot ng kongregasyon, "Labing-dalawa."—Pat.] Buweno, ano ang labing-dalawa multiplika sa labing-dalawa? Sandaan at apatnapu't apat na libo. At sila'y ang lahat na anak ni Israel; nakikilala sila ni Juan, bawat isa sa kanila, siya kasi'y isang Judio.

Pagkatapos ng mga bagay na ito...at narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinoman, (Heto naman ang Gentil.) na mula sa bawa't bansa,... mga angkan,...mga wika, na nakatayo sa harapan ng Diyos, at...ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang kamay;

²⁵² Hayan sila na mga kaawa-awang tao sa ibayo noon na namatay (at sila'y kinain noon ng mga leon, at lahat na) dahil sa Espiritu Santong Ebanghelyong ito na patuloy na nagbububo ng dugo. Libong makalibo na mumunting mga bata na ang kanilang mga ulo'y pinasambulat sa lansangan, at lahat na, hayun sila na nakatayo! Nadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang kamay. Oh, grabe!

At sila'y nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero.

...Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan,...sa Cordero.

At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay,... nangagpatirapa sila sa kanilang... nangagpatirapa sila sa harapan ng luklukan sa kanilang mga mukha, at nangagsisamba sa Dios,

253 Pakinggan n'yo, kung iniisip n'yo na hindi ito isang pentecostal na pagtitipon:

Na nangagsasabi—nangagsasabi, Siya nawa: Mga pagpapala, . . . kaluwalhatian, . . . karunungan, . . . pagpapasalamat, . . . karangalan, . . . kapangyarihan, . . . kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa.

254 Whew! Mukha ngang nagka-camp meeting sila sa dako roon, hindi po ba? Uh-huh.

. . . isa sa matatanda na—na sumagot, nagtanong sa akin, . . . o, nagsasabi sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit ay sino-sino? at saan nanggaling sila?

“Ngayon, ikaw ay isang Judio, nakikilala mo ang lahat na labing-dalawang lipi. Ngayon, sino naman ang mga ito? Saan sila nanggaling? Nadaramtan sila ng mapuputing damit, saan sila nanggaling? Hindi ang lipi ni Benjamin at ng iba pa. Sino ang mga ito rito?”

255 At si Juan ay sadyang . . . ? . . .

. . . Sinabi ko sa kaniya, Ginoo, ikaw ang nakakaalam. (“Ito—ito nga ’yung nagpagulat sa akin! Ako—ako . . .” Kita n’yo?) At sinabi niya sa akin, Ang mga ito’y ang nanggaling sa malaking mga kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.

Sapagkat . . . Kaya’t sila’y nasa harapan ng luklukan ng Dios, (sa loob ng Tahanan) at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa may templo: at siyang nakaupo sa luklukan ay lulukuban kasama sila.

(Mukha ngang nagutuman sila noon, hindi ba?) Sila’y hindi na magugutom pa, (Luwalhati!) ni sila’y mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, kailanman, o ng anomang init.

Sapagka’t ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magpapakain sa kanila, at . . . sila’y papatnugutan sa mga bukal ng tubig: at papahirin ng Dios. . . ang bawa’t luha ng kanilang mata.

Hayan nga Siya; hayan din ang Nobya. Oh, grabe! Grabeng kaganda! Ang Nobya!

256 Sige’t tingnan natin kung ano ang sinabi Niya rito ngayon, para makasigurado tayo na hindi natin mapalampas ito ngayon, sa ika-12:

Ang magtagumpay ay gagawing haligi sa templo ng aking Dios, at . . . hindi na lalabas pa doon: . . .

Ang Nobya na nakatayo roon kasama ang Nobyo. Oh!

257 Oh, oh, kung mayroon lang sana tayong oras para talakayin itong nailista ko rito (ito po'y para na lang sa libro riyang); diyan sa Apocalipsis, ang sabi, "Lahat ng mga hari sa lupa ay mangagdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon." Mistula 'yang. . . (sa tipo) ang lipi ni Levi: lahat ng iba'y nagbabayad ng ikapu sa kanya, kita n'yo; mula sa isang bagong buwan hanggang sa susunod, mula sa isang sabbath hanggang sa kasunod, sila'y nagtutungo roon para sumamba. Grabeng araw nga 'yun sa hinaharap! Buweno. "At Aking. . ." Sige't tingnan natin, "Hindi na lalabas pa roon." Buweno:

. . . isang haligi sa templo ng aking Dios, . . . at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, . . .

258 Ngayon, ano ang Pangalan ng Diyos? Jesus. Kung gusto n'yo pong ilista ito (Medyo atrasado na tayo sa oras.), "Jesus!" Ang sabi ng Mga Taga-Efeso 3:15, "Sa Langit at lupa, kay Jesus ipinangalan ang lahat," kita n'yo. Buweno. Buweno, ngayon. Buweno:

. . . at ang pangalan ng bayan ng aking Dios, siya nga't ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Dios: Aking ilalagay sa kanya. . . (Oh! Kung makikita n'yo, ang lahat ay sa siya ring parehong Pangalan, siguradong nakukuha n'yo na ito. Kita n'yo? Kita n'yo?). . . Aking ilalagay sa kanya. . . ang pangalan ng bayan ng aking Dios, . . .

259 "Ang Bayan." Kanyang itinuloy ito at ang sabi, "na Bagong Jerusalem." Kita n'yo, ang Bagong Jerusalem. "Aking ilalagay sa kanya ang Bagong Jerusalem." Ngayon, ang Nobya, o ang Iglesya, ang Bagong Jerusalem. Ilan ang nakakaalam n'yan? Ang Iglesya mismo'y ang Bagong Jerusalem. Naniniwala ba kayo riyang?

260 Sige't patunayan mismo natin. Apocalipsis 21, sa palagay ko nga, diyan ko nga nais. Buweno, tayo po'y bumaling dito para ating maipakita sa inyo. Ang sabi ng Biblia, "Patunayan ang lahat ng mga bagay," kita n'yo. Ngayon, Apocalipsis 21. Oh, pakinggan n'yo ito mismo. . . ito. . . pakinggan n'yo ito, nais n'yo bang makita mismo kung ano talaga itong Kanyang bagong Bayan ng (Pangalan ng Diyos) siyanga.

At nakita ko ang isang bagong kalangitan at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at. . . ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.

At akong si Juan ay nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.

261 Ang bagong—bagong Iglesya ay ang Iglesyang Gentil, ang Nobya. Ang Nobya ay isang Gentil, at taglay ng Gentil ang

Kanyang Pangalan. Kumuha Siya ng bayan mula sa mga Gentil para sa Kanyang Pangalan. Naniniwala ba kayo riyang?

²⁶² Kung hindi kayo naniniwala, bumuklat kayo sa Mga Gawa 15:14 at tingnan n'yo. Mga Gawa 15:14, kung gusto n'yong bumuklat nang saglit, at ating... pagkatapos inyong... Mga Gawa sa ika-15 kabanata at sa ika-14 na talata, sa palagay ko'y makikita natin ito. Ngayon, malapit na tayong matapos. Mga Gawa 15, at sa ika-14 na talata:

At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako:

Sinaysay na ni Simeon kung paanong dinalaw na una ng Dios ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan.

Uh-huh. Buweno, hayan nga ang Nobya. Oh!

²⁶³ Ngayon iniisip ko na halos 'yun na 'yung dulo nito, at ngayon tatapusin natin ito sa pagsasabi na Siya nga ito.

... at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios,...

Na pare-parehong lahat: Jesus, Jesus, Jesus. At ang Nobya'y ikinasal kay Jesus, na ito'y pinagiging Gng. Jesus; at iba pa, kita n'yo.

²⁶⁴ May ilang tunay na maiinam na kababaihan sa loob ng gusali ngayong gabi, tunay na maiinam, pero nag-iisa lang sa kanila ang akin, dala niya ang pangalan ko. Umaasa ako na nakukuha n'yo 'yan. Dinadala niya ang pangalan ko, ganoon din ang *Kanyang* Nobya. Buweno:

... Aking isusulat sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, ... siya nga't ang bagong Jerusalem, na mananaog... o, ang bayan ng aking Diyos, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa Dios... buhat sa langit mula sa aking Diyos: at aking isusulat sa kanya ang aking sariling bagong pangalan.

²⁶⁵ Siguro'y iiwan ko na 'yan diyan, siyanga? Sige. Pansinin n'yo, ang "kanya" diyan ay isahan. Ngayon kung babalikan n'yo ang Apocalipsis 2:17 pansumandali, para magbalik-tanaw lang nang saglit:

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap nito.

²⁶⁶ Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't kahanga-hanga Siya?

I love Him, I love Him
 Because He first loved me
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

²⁶⁷ Alam n'yo, gustung-gusto kong umawit sa Espiritu pagkatapos ng isang pagtitipon kung saan mayroon kayo nitong nakasasakit na mga saway at lahat na. Hindi ba't kayo rin? Oh, haya't gustung-gusto ko talagang mapasa Espiritu. Ang Salita! Kita n'yo, inihasik na ang Salita ngayon, ngayon ang tanging bagay na kailangan Nito ay kaunting tubig. Kita n'yo, ilang mga papuri, pagkatapos Ito'y magsisimula nang tumubo, kita n'yo. Oh, hindi ba't iniibig n'yo Siya? Sige't itaas natin ang ating mga kamay at awitin 'yun:

I love Him, I love Him
 Because He first loved me
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

²⁶⁸ Oh, sige't iyuko lamang natin ang ating ulo at sabihin: "Ama, iniibig Ka namin. Iniibig Ka namin. Oh, ganoon na lamang na iniibig Ka namin! Pinasasalamatang Ka namin, nang lubos, Panginoon. Oh, ang aming—aming abang mga pantaong puso'y hindi kayang ihayag kung ano ang nararamdaman namin sa kaibuturan namin, ukol sa kung papaanong Iyong hinugasan kami ng Iyong Sariling Dugo. Kami'y mga dayuhan, Panginoon. Iniibig namin—iniibig namin noon ang mga bagay ng sanlibutan, at kami'y lubos mismo—lubos mismong wala sa kaayusan dun noon sa mga bagay ng sanlibutan, at Ikaw po'y bumaba sa Iyong biyaya at iniabot ang Iyong mayaman na banal na mga kamay dito sa ibaba ng putik ng kasalanan na kinalalagyan namin noon, pinulot kami, pinili kami, hinugasan kami, nilinis kami, naglagay ng bagong Espiritu sa amin, at inilagak ang aming mga hangarin sa mga bagay na nasa itaas. Ganoon na lamang po na iniibig Ka namin, Panginoon!"

²⁶⁹ Sa nilinlang na kapanahunang ito, na wala nang anupamang bagay sa sanlibutan ang natitira sa amin, Panginoon. Wala na ngang natitira pa sa mundo, ito'y—ito'y—ito'y nasa kawakasan na ng panahon. Nakikita namin sa pamamagitan ng Biblia, na bawat kapanahunan ay lumipas na. Narito na kami ngayon sa dulo, na haya't dagling dumadaan. Hindi na magtatagal hanggang sa si Jesus ay dumating. Oh Diyos, pagningasin Mo po ang aming mga puso, huwag Mo pong hayaan na kami'y patayo-tayo lang. Iniisip ko, ano kayang gagawin ng marilag na si San Pablo kung narito siya ngayong gabi at makikita niya ang mga bagay-bagay sa kalagayan ng mga ito? Kung papaano ngang siya. . . Ang lalaking 'yun, aba'y siguradong ikukulung nila siya sa bilanguan bago mag-umaga, dahil lalabas siya rito at sasabihin sa mga tao na maghanda na sa pagparito ng Panginoon.

²⁷⁰ Sa oras pong ito, Panginoon, napakarami po ng may sakit na heto ang mga panyo at mga kahilingan na nakapatong dito. Dalangin ko na Iyong pagagalingin ang bawat isa sa kanila, Ama. Batid namin na ito'y bahagi ng Iyong pagmiministeryo na Iyong pinatutunayan na hindi nabibigong Katotohanan, "ang mga tanda'y lalakip sa mananampalataya." Mula sa katawan ni Pablo ay kinuha nila ang mga panyo at tapi at ipinadala sa mga maysakit; at naglabasan mula sa kanila ang maruruming espiritu, at sila'y gumaling dahil ang mga tao'y nanampalataya sa buhay na Diyos. Iyo pong ipagkaloob ito uli ngayong gabi, Ama, habang itinatagubilin ko ang mga ito sa Iyo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo.

²⁷¹ At ngayon, Panginoon, dalangin ko po na Iyong hawakan ang aming mga kaluluwa sa Iyong kamay, na huhugasan kami, plaplantsahin kami, dahil sinasabi Nito na Ikaw ay "paparito para sa isang Iglesya na walang dungis o kulubot." Iyong ibunsod ang mainit na plantsa ng Espiritu Santo na patagin ang lahat ng mga kulubot sa amin, at kami'y nahahanda na para sa pagdating ng Anak ng tao.

²⁷² Ngayon, Ama, dalangin namin na ang Iyong mga pagpapala'y lumagak sa amin. Makasama Ka namin nawa sa pagsamba, Ama. Sinasamba Ka po namin. Kami'y nakatayo sa gabing ito at aming ibinibigay sa Iyo ang aming mga puso. Kami . . .



ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG FILADELFIA TAG60-1210
(The Philadelphian Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Disyembre 10, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org